



Gabay ng Benepisyaryo sa Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip ng Medi-Cal

In-update noong Nobyembre, 2019

Quality Assurance Office

Tulong sa Wika

English

ATTENTION: If you speak another language, language assistance services, free of charge, are available to you.

Please contact your established provider directly or to inquire about services call ACBH ACCESS at 1-800-491-9099 (TTY: 711).

ATTENTION: Auxiliary aids and services, including but not limited to large print documents and alternative formats, are available to you free of charge upon request. Please contact your established provider directly or to inquire about services call ACBH ACCESS at 1-800-491-9099 (TTY: 711).

Español (Spanish)

ATENCIÓN: Si habla otro idioma, podrá acceder a servicios de asistencia lingüística sin cargo. Comuníquese directamente con su proveedor establecido o, si desea preguntar por los servicios, llame a ACBH ACCESS al 1-800-491-9099 (TTY: 711).

ATENCIÓN: Los servicios y recursos auxiliares, incluidos, entre otros, los documentos con letra grande y formatos alternativos, están disponibles sin cargo y a pedido. Comuníquese directamente con su proveedor establecido o, si desea preguntar por los servicios, llame a ACBH ACCESS al 1-800-491-9099 (TTY: 711).

Tiếng Việt (Vietnamese)

LƯU Ý: Nếu quý vị nói một ngôn ngữ khác, chúng tôi có các dịch vụ miễn phí để hỗ trợ về ngôn ngữ.

Xin quý vị vui lòng liên lạc trực tiếp với nơi cung cấp dịch vụ của quý vị hoặc để tìm hiểu về các dịch vụ hãy gọi cho ACBH ACCESS ở số 1-800-491-9099 (TTY: 711).

LƯU Ý: Các trợ giúp và dịch vụ phụ trợ, bao gồm nhưng không giới hạn vào các tài liệu in lớn và các dạng thức khác nhau, được cung cấp cho quý vị miễn phí theo yêu cầu. Xin quý vị vui lòng liên lạc trực tiếp với nơi cung cấp dịch vụ của quý vị hoặc để tìm hiểu về các dịch vụ hãy gọi cho ACBH ACCESS ở số 1-800-491-9099 (TTY: 711).

Tagalog (Tagalog/Filipino)

PAALALA: Kung gumagamit ka ng ibang wika, maaari kang makakuha ng libreng mga serbisyo sa tulong ng wika.

Mangyaring direktang makipag-ugnayan sa iyong itinalagang provider o tumawag sa ACBH ACCESS sa 1-800-491-9099 (TTY: 711) upang itanong ang tungkol sa mga serbisyo.

PAALALA: Ang mga auxiliary aid at mga serbisyo, kabilang ngunit hindi limitado sa mga dokumento sa malaking print at mga alternatibong format, ay available sa iyo nang libre kapag hiniling. Mangyaring direktang makipag-ugnayan sa iyong itinalagang provider o tumawag sa ACBH ACCESS sa 1-800-491-9099 (TTY: 711) upang itanong ang tungkol sa mga serbisyo.

한국어 (Korean)

안내: 다른 언어를 사용하시는 경우 언어 지원 서비스를 무료로 이용하실 수 있습니다. 필요하신 경우 이용하고 계신 제공자에게 직접 연락하시거나 1-800-491-9099(TTY: 711)번으로 ACBH ACCESS 에 전화해 서비스에 대해 문의해 주시기 바랍니다.

안내: 큰 활자 문서, 대체 형식 등 다양한 보조 도구 및 서비스를 요청 시 무료로 이용하실 수 있습니다. 필요하신 경우 이용하고 계신 제공자에게 직접 연락하시거나 1-800-491-9099(TTY: 711)번으로 ACBH ACCESS 에 전화해 서비스에 대해 문의해 주시기 바랍니다.

繁體中文(Chinese)

注意: 如果您使用其他語言, 則可以免費使用語言協助服務。

請直接與您的服務提供者聯繫, 或致電 ACBH ACCESS, 電話號碼: 1-800-491-9099 (TTY: 711)

。

注意: 可應要求免費提供輔助工具和服務, 包括但不限於大字體文檔和其他格式。請直接與您的服務提供者聯繫, 或致電 ACBH ACCESS, 電話號碼: 1-800-491-9099 (TTY: 711)。

Հայերեն (Armenian)

ՈՒՇԱՆԴՈՒԹՅՈՒՆ. Եթե տիրապետում եք մեկ այլ լեզվի, ապա կարող եք օգտվել լեզվական աջակցման անվճար ծառայություններից:

Խնդրում ենք ուղղակիորեն կապվել ձեր պատճենական մատակարարի հետ կամ ծառայությունների վերաբերյալ տեղեկություններ ստանալու համար զանգահարել ACBH ACCESS 1-800-491-9099 համարով (հեռախոս՝ 711):

ՈՒՇԱՆԴՈՒԹՅՈՒՆ. Հայտ ներկայացնելու դեպքում կարող եք անվճար օգտվել օժանդակ միջոցներից և ծառայություններից, այդ թվում՝ մեծածավալ տպագիր և այլընտրանքային ձևաչափի փաստաթղթերից: Խնդրում ենք ուղղակիորեն կապվել ձեր պատճենական մատակարարի հետ կամ ծառայությունների վերաբերյալ տեղեկություններ ստանալու համար զանգահարել ACBH ACCESS 1-800-491-9099 համարով (հեռախոս՝ 711):

Русский (Russian)

ВНИМАНИЕ: Если вы говорите на другом языке, вы можете бесплатно воспользоваться услугами переводчика.

Свяжитесь напрямую со своим поставщиком или узнайте подробнее об услугах, позвонив в ACBH ACCESS по телефону 1-800-491-9099 (телетайп: 711).

ВНИМАНИЕ: Вспомогательные средства и услуги, включая, помимо прочего, документы с крупным шрифтом и альтернативные форматы, доступны вам бесплатно по запросу.

Свяжитесь напрямую со своим поставщиком или узнайте подробнее об услугах, позвонив в ACBH ACCESS по телефону 1-800-491-9099 (телетайп: 711).

فارسی (Farsi)

توجه: اگر شما به زبان دیگری صحبت می کنید، خدمات کمک زبانی بصورت رایگان در اختیار شما قرار دارند. لطفاً با ارائه دهنده تعیین شده خود به طور مستقیم تماس گرفته و یا برای پرس و جو در مورد خدمات به ACBH ACCESS به شماره 1-800-491-9099 (TTY:711) تماس بگیرید.

توجه: کمک ها و خدمات کمکی، از جمله اما نه محدود به اسناد چاپ شده با حروف بزرگ و قالب های جایگزین، در صورت درخواست شما به صورت رایگان در اختیار شما قرار می گیرند. لطفاً با ارائه دهنده تعیین شده خود به طور مستقیم تماس گرفته

و یا برای پرس و جو در مورد خدمات به ACBH ACCESS به شماره 1-800-491-9099 (TTY: 711) تماس بگیرید.

日本語 (Japanese)

注意事項：他の言語を話される場合、無料で言語支援がご利用になれます。
ご利用のプロバイダーに直接コンタクトされるか、支援に関してお尋ねになるには ACBH ACCESS、
電話番号 1-800-491-9099 (TTY: 711)までご連絡ください。

注意事項：ご要望があれば、大きな印刷の文書と代替フォーマットを含むがこれらのみに限定されない補助的援助と支援が無料でご利用になれます。ご利用のプロバイダーに直接コンタクトされるか、支援に関してお尋ねになるには ACBH ACCESS、電話番号 1-800-491-9099 (TTY: 711) までご連絡ください。

Hmoob (Hmong)

LUS CEEV: Yog tias koj hais lwm hom lus, muaj cov kev pab cuam txhais lus uas pab dawb xwb rau koj tau siv.
Thov txuas lus ncaj nraim nrog koj tus kws pab kho mob uas tau teeb los sis thov tau qhov kev pab cuam uas yog hu rau ACBH ACCESS ntawm 1-800-491-9099 (TTY: 711).

LUS CEEV: Muaj cov kev pab cuam thiab khoom pab cuam txhawb ntxiv, xam nrog rau tab sis kuj tsis txwv rau cov ntaub ntawv luam loj thiab lwm cov qauv ntawv ntxiv, muaj rau koj uas yog pab dawb xwb raws qhov thov. Thov txuas lus ncaj nraim nrog koj tus kws pab kho mob uas tau teeb los sis thov tau qhov kev pab cuam uas yog hu rau ACBH ACCESS ntawm 1-800-491-9099 (TTY: 711).

ਪੰਜਾਬੀ (Punjabi)

ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਸੀਂ ਕੋਈ ਹੋਰ ਭਾਸ਼ਾ ਬੋਲਦੇ ਹੋ, ਤਾਂ ਤੁਹਾਡੇ ਲਈ, ਭਾਸ਼ਾ ਦੀ ਸਹਾਇਤਾ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਮੁਫਤ ਉਪਲਬਧ ਹਨ।
ਕਿਰਪਾ ਕਰਕੇ ਆਪਣੇ ਸਥਾਪਿਤ ਪ੍ਰਦਾਤਾ ਨਾਲ ਸਿੱਧਾ ਸੰਪਰਕ ਕਰੋ ਜਾਂ ਸੇਵਾਵਾਂ ਬਾਰੇ ਪੁੱਛਗਿੱਛ ਲਈ ACBH ACCESS ਨੂੰ 1-800-491-9099 (TTY: 711) ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ।
ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਸਹਾਇਤਾ ਪ੍ਰਣਾਲੀ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ ਸ਼ਾਮਲ ਹਨ ਪਰ ਵੱਡੇ ਪ੍ਰਿੰਟ ਵਾਲੇ ਦਸਤਾਵੇਜ਼ ਅਤੇ ਵਿਕਲਪਿਕ ਫਾਰਮੇਟ ਵਿਚ ਸੀਮਿਤ ਨਹੀਂ ਹਨ, ਮੰਗਣ ਤੇ ਤੁਹਾਡੇ ਲਈ ਮੁਫਤ ਉਪਲਬਧ ਹਨ।
ਕਿਰਪਾ ਕਰਕੇ ਆਪਣੇ ਸਥਾਪਿਤ ਪ੍ਰਦਾਤਾ ਨਾਲ ਸਿੱਧਾ ਸੰਪਰਕ ਕਰੋ ਜਾਂ ਸੇਵਾਵਾਂ ਬਾਰੇ ਪੁੱਛਗਿੱਛ ਲਈ ACBH ACCESS ਨੂੰ 1-800-491-9099 (TTY: 711) ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ।

العربية (Arabic)

انتباه: إذا كنت تتحدث لغة أخرى، فإن خدمات المساعدة اللغوية متاحة لك مجاناً.
يرجى الاتصال بمزودك المعتاد مباشرة أو اتصل على ACBH ACCESS للاستفسار عن الخدمات على الرقم 1-800-491-9099 (الهاتف النصي: 711).

انتباه: تتوفر لك الوسائل والخدمات المساعدة، بما فيها دون حصر الوثائق المطبوعة بخط كبير والتنسيقات البديلة، مجاناً عند طلبها. يرجى الاتصال بمزودك المعتاد مباشرة أو اتصل على ACBH ACCESS للاستفسار عن الخدمات على الرقم 1-800-491-9099 (الهاتف النصي: 711).

हिंदी (Hindi)

कृपया ध्यान दें: यदि आप कोई अन्य भाषा बोलते हैं, तो आपके लिये निःशुल्क भाषा सहायता सेवा उपलब्ध है।
कृपया अपने नियत प्रदाता से सीधे संपर्क करें अथवा सेवाओं के बारे में जानकारी हेतु ACBH ACCESS को 1-800-491-9099 (TTY: 711) पर कॉल करें।

कृपया ध्यान दें: अतिरिक्त सहायता तथा सेवाएं, जिसमें अन्य के अलावा बड़े अक्षरों के दस्तावेज़ और वैकल्पिक प्रारूप भी शामिल हैं, अनुरोध करने पर निःशुल्क उपलब्ध कराई जाएंगी। कृपया अपने नियत प्रदाता से सीधे संपर्क करें अथवा सेवाओं के बारे में जानकारी हेतु ACBH ACCESS को 1-800-491-9099 (TTY: 711) पर कॉल करें।

ภาษาไทย (Thai)

โปรดทราบ: หากคุณพูดภาษาอื่น เรามีบริการช่วยเหลือด้านภาษาให้คุณโดยไม่เสียค่าใช้จ่าย

โปรดติดต่อผู้ให้บริการที่คุณใช้อยู่โดยตรงหรือหากต้องการสอบถามเกี่ยวกับบริการต่างๆ โปรดติดต่อ ACBH ACCESS ที่ 1-800-491-9099 (TTY: 711)

โปรดทราบ: เรามีความช่วยเหลือและบริการเพิ่มเติม เช่น เอกสารพิมพ์ตัวใหญ่หรือในรูปแบบอื่นๆ

ให้คุณโดยไม่เสียค่าใช้จ่ายหากคุณแจ้งความประสงค์จะใช้ โปรดติดต่อผู้ให้บริการที่คุณใช้อยู่โดยตรง หรือสอบถามเกี่ยวกับบริการต่างๆ ได้โดยติดต่อ ACBH ACCESS ที่ 1-800-491-9099 (TTY: 711)

ខ្មែរ (Cambodian)

ចំណាំ: ប្រសិនបើអ្នកនិយាយភាសាផ្សេងទៀត សេវាជំនួយភាសាដោយឥតគិតថ្លៃ គឺអាចស្វែងរកបានសម្រាប់អ្នក។

សូមទាក់ទងដោយផ្ទាល់ទៅកាន់អ្នកផ្តល់សេវាដែលមានការទទួលស្គាល់របស់អ្នក ឬដើម្បីធ្វើការសាកសួរអំពីសេវាកម្មនានា សូមទូរសព្ទទៅ ACBH ACCESS តាមរយៈលេខ 1-800-491-9099 (TTY: 711)។

ចំណាំ: សម្ភារៈនិងសេវាកម្មជំនួយ មានជាអាទិ៍ឯកសារជាអក្សរពុម្ពធំ និងឯកសារជាទម្រង់ផ្សេងទៀត អាចស្វែងរកបានសម្រាប់អ្នកដោយឥតគិតថ្លៃ ទៅតាមការស្នើសុំ។ សូមទាក់ទងដោយផ្ទាល់ទៅកាន់អ្នកផ្តល់សេវាដែលមានការទទួលស្គាល់របស់អ្នក ឬដើម្បីសាកសួរអំពីសេវាកម្មនានា សូមទូរសព្ទទៅ ACBH ACCESS តាមរយៈលេខ 1-800-491-9099 (TTY: 711)។

ພາສາລາວ (Lao)

ເອົາໃຈໃສ່: ຖ້າທ່ານເວົ້າພາສາອື່ນ, ພວກເຮົາມີການບໍລິການຊ່ວຍເຫຼືອດ້ານພາສາໃຫ້ທ່ານນຳໃຊ້ໂດຍບໍ່ເສຍຄ່າ.

ກະລຸນາຕິດຕໍ່ຜູ້ໃຫ້ບໍລິການທີ່ກຳນົດໄວ້ຂອງທ່ານໂດຍກົງ ຫຼື ເພື່ອສອບຖາມກ່ຽວກັບການບໍລິການ ໃຫ້ໂທຫາ ACBH ACCESS ທີ່ເບີ 1-800-491-9099 (TTY: 711).

ເອົາໃຈໃສ່: ອຸປະກອນ ແລະ ການບໍລິການຊ່ວຍເຫຼືອ, ເຊິ່ງລວມມີ ແຕ່ບໍ່ຈຳກັດ ເອກະສານຕົວພິມໃຫຍ່ ແລະ ຮູບແບບທາງເລືອກອື່ນ, ແມ່ນມີໃຫ້ທ່ານນຳໃຊ້ໂດຍບໍ່ເສຍຄ່າຕາມຄຳຂໍ. ກະລຸນາຕິດຕໍ່ຜູ້ໃຫ້ບໍລິການທີ່ກຳນົດໄວ້ຂອງທ່ານໂດຍກົງ ຫຼື ເພື່ອສອບຖາມກ່ຽວກັບການບໍລິການ ໃຫ້ໂທຫາ ACBH ACCESS ທີ່ເບີ 1-800-491-9099 (TTY: 711).

TALAAN NG NILALAMAN

PANGKALAHATANG IMPORMASYON	7
IMPORMASYON TUNGKOL SA PROGRAMA NG MEDI-CAL	11
PAANO MALALAMAN KUNG KAILANGAN MO O NG KILALA MO NG TULONG	15
PAGKUHA NG SPECIALTY MENTAL HEALTH SERVICES	16
PAMANTAYAN SA PAGIGING MEDIKAL NA PANGANGAILANGAN	21
PAGPILI NG PROVIDER	22
SAKLAW NG MGA SERBISYO	24
NEGATIBONG PAGPAPASYA NG BENEPISYO	29
MGA PROSESO SA PAGLUTAS NG PROBLEMA.....	31
ANG PROSESO NG PAG-APELA (KARANIWAN AT PINABILIS)	35
ANG PROSESO NG PAGDINIG NG ESTADO	39
PAUNANG DIREKTIBA	42
MGA KARAPATAN AT RESPONSABILIDAD NG BENEPISYARYO	43

PANGKALAHATANG IMPORMASYON

Malugod na pagbati mula sa Alameda County Behavioral Health Care Services (Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali ng Alameda County)

MAHAHALAGANG NUMERO NG TELEPONO

Emergency 911
Alameda County Behavioral Health Care Services Access Program for Mental Health (Access Program ng Alameda County Behavioral Health Care Services para sa Kalusugan ng Pag-iisip) (510) 346-1000
 (800) 491-9099

24 oras na Libreng Linya ng Tulong para sa Mga Serbisyo ng SUD (844) 682-7215

Consumer Assistance Office (800) 779-0787
Patient Rights Advocates (510) 835-2505

Mga Termino sa Handbook:

ACBH	Alameda County Behavioral Health Care Service (Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali ng Alameda County)
BHP	Behavioral Health Plan (Plano sa Kalusugan ng Pag-uugali) - Mga Pinagsanib na serbisyo ng ACBH para sa Specialty Mental Health at Sakit Pagkalulong sa Alak o Droga (Substance Use Disorder) na inihahatid sa loob ng network ng Mga Programa at Klinika ng County, Contracted Community Based Organizations (Mga Kinokontraang Organisasyong Nakabase sa Komunidad), Mga Ospital, at isang Network ng Provider na maraming sakop.
DMC-ODS	Drug Medi-Cal Organized Delivery System (Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal)
SSA	Social Service Agency(Alameda County)
SMHS	Specialty Mental Health Services (Mga Serbisyonang Espesyalidad sa Kalusugan ng Pag-iisip)
(Mga) SUD	Substance Use Disorder (Services) (Sakit sa Pagkalulong sa Alak o Droga (Mga Serbisyo))

Bakit Mahalagang Basahin ang Handbook na ito?

LAYUNIN NAMING magbigay ng ganap na pinagsanib na mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng komprehensibong network ng mga pagtutulungan ng pampubliko at pribadong sektor upang matiyak ang pinakamabuting kalagayan ng kalusugan at kapakanan at ang respetuhin ang pagkakaiba-iba ng lahat ng mga residente. Nakatanggap ka ng booklet na ito dahil ikaw ay kwalipikado para sa Medi-Cal at kailangan mong malaman ang higit pang impormasyon tungkol sa Specialty Mental Health Services na inaalok ng Alameda County at kung paano matatanggap ang mga serbisyonang ito kung kailangan mo.

Kung nakatanggap ka sa ngayon ng mga serbisyo mula sa Alameda County Behavioral Health (ACBH), magbibigay ang booklet na ito sa iyo ng karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano gumagana ang mga serbisyo ng ACBH para sa mga Specialty Mental Health Service (SMHS). Ipinagbibigay-alam sa iyo ng booklet na ito ang tungkol sa mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip, ngunit hindi nito binabago ang mga serbisyonang iyong natatanggap na. Maaaring makabubuting itago mo ang booklet na ito upang maisangguni mo ang mga inaalok naming serbisyo sa hinaharap.

Kung hindi ka pa nakatanggap ng mga serbisyo sa ngayon, maaaring makabubuting itago mo ang booklet na ito kung sakaling ikaw, o isang taong kakilala mo, ay mangailangan ng impormasyon tungkol sa aming mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip sa hinaharap.

Bibibigyan ka ng booklet na ito ng impormasyon sa kung ano ang mga Specialty Mental Health Service, kung maaari kang makatanggap ng mga serbisyo at kung paano ka makatanggap ng tulong mula sa Alameda County Behavioral Health Care Services.

Mahalagang maunawaan mo kung paano gumagana ang Behavioral Health Plan (BHP) upang makuha mo ang kinakailangan mong pangangalaga. Ipinapaliwanag ng handbook na ito ang iyong mga benepisyo at kung paano makakuha ng pangangalaga. Sasagutin din nito ang karamihan sa iyong mga tanong.

Matutunan mo:

- Kung paano makatanggap ng mga serbisyo sa paggamot ng Mental Health (MH) sa pamamagitan ng ACBH
- Kung anong mga benepisyo ang maaari mong makuha
- Kung ano ang dapat gawin kung mayroon kang tanong o problema
- Ang iyong mga karapatan at responsibilidad bilang miyembro ng Alameda County BHP

Kung hindi mo babasahin ang handbook na ito sa ngayon, dapat mong itago ang handbook na ito para mabasa mo ito sa ibang pagkakataon. Ang handbook na ito at ang iba pang mga nakasulat na materyales ay makukuha sa elektronikong paraan sa <http://www.acbhcs.org/resources-documentcenter-rfp/> o nang naka-print mula sa Alameda County Behavioral Health, nang walang bayad. Tumawag sa ACBH sa 1-800-491-9099 kung gusto mo ng naka-print na kopya.

Gamitin ang handbook na ito bilang dagdag sa impormasyong natanggap mo noong nagpatala ka sa Medi-Cal.

Kailangan Mo ba Ang Handbook na ito sa Iyong Wika o sa Ibang Format?

Kung gumagamit ka ng ibang wika maliban sa Ingles, maaari kang makatanggap ng libreng serbisyo ng oral interpreter. Maaabot ang ACBH ACCESS Program 24 oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo- tumawag sa 1-800-491-9099.

Maaari ka ring makipag-ugnayan sa ACBH sa 1-800-491-9099 kung gusto mong makatanggap ng handbook na ito o iba pang mga nakasulat na materyales sa alternatibong format gaya ng malaking print, Braille, o audio. Tutulungan ka ng ACBH.

Kung gusto mong makatanggap ng handbook na ito o iba pang mga nakasulat na materyales sa wikang hindi Ingles. Tutulungan ka ng ACBH sa telepono gamit ang iyong wika.

Ang impormasyong ito ay maaaring makuha sa mga wikang nakalista sa ibaba.

- **Español (Spanish):**
Este folleto está disponible en Español
- **Tiếng Việt (Vietnamese):**
Tập sách này có bằng tiếng Việt
- **한국어 (Korean):**
이 책자는 한국어로 제공됩니다.
- **繁體中文(Traditional Chinese)**
這本手冊有中文版

- **简体中文 (Simplified Chinese)**

这本手册有中文版

- **فارسی (Farsi)**

این اطلاعات به زبان فارسی موجود است.

- **Tagalog (Tagalog/Filipino)**

Ang impormasyong ito ay maaaring makuha sa Tagalog.

Saan Responsable ang Aking BHP?

Ang ACBH ay responsable para sa mga sumusunod:

- Pag-alam kung ikaw ay kwalipikado para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali mula sa county o sa network ng provider nito.
- Pagbibigay ng libreng numero ng telepono na tumutugon 24 oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo na makapagsasabi sa iyo kung paano makakuha ng mga serbisyo mula sa Alameda County Behavioral Health (1-800-491-9099.)
- Pagkakaroon ng sapat na mga provider upang matiyak na makakakuha ka ng mga serbisyo sa paggamot ng kalusugan ng pag-iisip na saklaw ng Alameda County Behavioral Health kung kailangan mo ito.
- Pagbibigay-alam at pagtuturo sa iyo ng tungkol sa mga serbisyong makukuha mula sa ACBH
- Pagbibigay sa iyo ng mga serbisyo sa iyong wika o gamit ang isang interpreter (kung kinakailangan) nang libre at pagbibigay-alam sa iyo kung ang mga serbisyo ng interpreter na ito ay maaaring makuha.
- Pagbibigay sa iyo ng nakasulat na impormasyon tungkol sa kung ano ang maaari mong makuha sa ibang mga wika o alternatibong format, yun ay CD na may voice-over ng Gabay na ito at iba pang impormasyonal na materyales sa mga pangunahing wika sa pamamagitan ng iyong nakatakdang provider at online sa <http://www.acbhcs.org/>
- Pagbibigay sa iyo ng abiso tungkol sa anumang mahalagang pagbabago sa impormasyon na tinukoy sa handbook na ito nang hindi lilipas sa 30 araw bago ang takdang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng pagbabago. Tinuturing na mahalaga ang isang pagbabago kapag mayroong pagdaragdag o pagbawas sa dami o uri ng mga serbisyo na maaaring matanggap, o kung mayroong pagdaragdag o pagbawas sa bilang ng mga provider sa network, o kung mayroong iba pang pagbabago na makaaapekto sa mga benepisyong iyong natatanggap sa pamamagitan ng Alameda County Behavioral Health.

Kanino Ako Makikipag-ugnayan Kung Sa Tingin Ko Ay Nadiskrimina Ako?

Labag sa batas ang diskriminasyon. Dapat sumunod ang Estado ng California at Alameda County Behavioral Health sa mga nalalapat na mga batas sa karapatang sibil ng estado at hindi dapat mandiskrimina sa batayan ng lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, edad, o kapansanan.

Alameda County Behavioral Health:

- Nagbibigay ng mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may kapansanan, gaya ng:
 - Mga kwalipikadong interpreter ng sign language

- Nakasulat na impormasyon sa ibang format (braille, malaking print, audio, mga accessible na elektronikong format, at iba pang format)
- Nagbibigay ng mga libreng serbisyo sa wika para sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, gaya ng:
 - Kwalipikadong oral interpreter
 - Impormasyon sa mga pangunahing wika

Kung kailangan mo ng mga serbisyong ito, tumawag sa ACBH ACCESS sa 1-800-491-9099.

Kung naniniwala ka na nabigo ang Estado ng California o ang Alameda County Behavioral Health sa pagbibigay ng mga serbisyong ito o nandiskrimina sa ibang paraan sa batayan ng lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, edad, o kapansanan, maaari kang maghain ng karaingan sa:

Alameda County Behavioral Health Consumer Assistance Office
 2000 Embarcadero Cove, Suite 400
 1-800-779-0787 (TTY: 711)
 510.639.1346

Makukuha ang Mga Form para sa Karaingan sa

<http://www.ACBH.org/consumer-grievance/>

Maaari kang maghain ng karaingan nang personal o sa pamamagitan ng koreo, o fax. Kung kailangan mo ng tulong sa paghain ng isang karaingan, makipag-ugnayan sa ACBH Consumer Assistance Office sa 1-800-779-0787.

Maaari ka ring maghain ng reklamo hinggil sa mga karapatang sibil sa U.S. Department of Health and Human Services, Office for Civil Rights sa elektronikong paraan sa pamamagitan ng Office for Civil Rights Complaint Portal, na magagawa sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/smartscreen/main.jsf>. Maaari kang maghain ng reklamo hinggil sa mga karapatang sibil sa pamamagitan ng koreo o pagtawag sa:

U.S. Department of Health and Human Services
 200 Independence Avenue, SW
 Room 509F, HHH Building
 Washington, D.C. 20201
 1-800-368-1019, 800-537-7697 (TDD)

Maaaring makuha ang mga form para sa reklamo sa <https://www.hhs.gov/ocr/filing-with-ocr/index.html>.

IMPORMASYON TUNGKOL SA PROGRAMA NG MEDI-CAL

Sino ang Makakakuha ng Medi-Cal?

Maraming salik ang isinasaalang-alang sa pagpapasya tungkol sa kung anong uri ng pangkalusugang saklaw ang maaari mong matanggap mula sa Medi-Cal. Kabilang dito ang:

- Kung magkano ang iyong kinikita
- Iyong edad
- Edad ng sinumang bata na iyong inaalagaan
- Kung ikaw ay buntis, bulag, o may kapansanan
- Kung ikaw ay nasa Medicare

Dapat rin ay naninirahan ka sa California upang maging kwalipikado para sa Medi-Cal. Kung sa tingin mo ay kwalipikado ka para sa Medi-Cal, matuto kung paano mag-apply sa ibaba.

Paano Ako Makakapag-apply para sa Medi-Cal?

Walang maling paraan kapag nag-a-apply para sa pangkalusugang saklaw sa California at maaari kang mag-apply para sa Medi-Cal sa anumang panahon ng taon. Maaari kang pumili sa isa sa mga sumusunod na paraan ng pag-apply.

Sa pamamagitan ng koreo: Mag-apply para sa Medi-Cal gamit ang Single Streamlined Application (Solong Naka-streamline na Aplikasyon), na ibinigay sa Ingles at iba pang wika sa <http://www.dhca.ca.gov/services/medi-cal/eligibility/Pages/SingleStreamApps.aspx>. Ipadala ang mga nakompletong aplikasyon sa iyong lokal na tanggapan ng county. Hanapin ang address ng iyong lokal na tanggapan ng county sa web sa <http://dhcs.ca.gov/COL> o tingnan ang listahan sa ibaba ng mga tanggapan ng Alameda County Social Service Agency:

North Oakland Self Sufficiency Center

2000 San Pablo Ave
Oakland CA 94612

Eastmont Self-Sufficiency Center

6955 Foothill Blvd Suite 100
Oakland CA 94605

Enterprise Self Sufficiency Center

8477 Enterprise Way
Oakland CA 94621

Eden Area Multi-Service Center

24100 Amador St
Hayward CA 94544

SSA Offices Ipinagpatuloy:

Fremont Outstation

39155 Liberty St Ste C330
Fremont CA 94536

Livermore Outstation

2481 Constitution Drive, Suite B
Livermore CA 94551

Sa telepono: Upang mag-apply gamit ang telepono, tumawag sa iyong lokal na tanggapan ng county. Maaari mong mahanap ang numero ng telepono sa web sa <http://dhcs.ca.gov/COL>; tingnan sa ibaba ang listahan ng mga tanggapan ng Alameda County Social Service Agency:

North Oakland

510-891-0700

Eden: South County

510-670-6000

Enterprise: East County

510-263-2420

Eastmont: East County

510-383-5300

Fremont Outstation

510-795-2428

Livermore Outstation

925-455-0747

Online: Mag-apply online sa www.benefitscal.com or www.coveredca.com. Ligtas na inililipat ang mga aplikasyon nang direkta sa iyong lokal na tanggapan ng mga serbisyo ng county, dahil ibinibigay ang Medi-Cal sa antas ng county.

Personal: Upang mag-apply nang personal, hanapin ang iyong lokal na tanggapan ng county sa <http://dhcs.ca.gov/COL>, kung saan makakakuha ka ng tulong sa pagkompleto ng iyong aplikasyon.

Para sa impormasyon tungkol sa Alameda County Social Service Agency:

http://www.alamedasocialservices.org/public/services/medical_and_health/index.cfm

Kung kailangan mo ng tulong sa pag-apply, o kung may mga tanong ka, maaari kang makipag-ugnayan sa isang may kasanayang Certified Enrollment Counselor (CEC) nang libre. Tumawag sa 1-800-300-1506, o maghanap ng lokal na CEC sa <http://www.coveredca.com/get-help/local>.

Kung mayroon ka pa ring mga tanong tungkol sa programa ng Medi-Cal, maaari kang matuto nang higit pa sa <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/Steps-to-Medi-Cal.aspx>.

Ano ang Mga Serbisyong Pang-emergency

Ang mga serbisyong pang-emergency ay mga serbisyo para sa mga benepisyaryong nakararanas ng kabigla-biglang medikal na kondisyon, kabilang ang psychiatric na pang-emergency na medikal na kondisyon.

Ang isang pang-emergency na kondisyong medikal ay may mga sintomas na napakalubha (maaaring may kasamang matinding pananakit) na ang karaniwang tao ay maaaring asahan na mangyari ang mga sumusunod sa anumang oras:

- Maaaring malagay sa malalang problema ang kalusugan ng indibidwal (o kung isang buntis na babae, ang kalusugan ng hindi pa naisisilang na sanggol)
- Malalang problema sa paggana ng katawan
- Malalang problema sa anumang organo o bahagi ng katawan

Nangyayari ang isang pangkaisipang (psychiatric) emergency na medikal na kondisyon kapag ang karaniwang tao ay naniniwalang ang isang tao ay:

- Panganib sa sarili niya o sa ibang tao sa kasalukuyan tila dahil sa karamdaman sa pag-iisip
- Ay biglaang hindi makapagbigay o makakain ng pagkain, o makapagsuot ng damit o makahanap ng tirahan tila dahil sa karamdaman sa pag-iisip

Saklaw ang mga serbisyong pang-emergency 24 oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo para sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal. Hindi kinakailangan ang paunang pahintulot para sa mga serbisyong pang-emergency. Saklaw ng programa ng Medi-Cal ang mga kondisyong pang-emergency, medikal man o psychiatric (emosyonal o pangkaisipan) ang kondisyon. Kung ikaw ay nagpatala sa Medi-Cal, hindi ka makakatanggap ng bill upang mabayaran ang pagpunta sa emergency room, kahit na hindi pala ito isang emergency. Kung sa tingin mo ay mayroon kang emergency, tumawag sa 911 o pumunta sa saanmang ospital o ibang mapupuntahan para sa tulong.

Makakakuha ba ng Transportasyon?

Ang hindi pang-emergency na transportasyon at hindi medikal na transportasyon ay maaaring ibigay sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal para sa mga hindi maaaring makapagsaayos ng sarili nilang transportasyon at mayroong medikal na pangangailan na makatanggap ng ilan sa mga saklaw na serbisyo ng Medi-Cal.

Kung kailangan mo ng tulong sa transportasyon, makipag-ugnayan sa iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga para sa impormasyon at tulong. Kung mayroon ka ng regular na Medi-Cal at hindi nakatala sa isang plano sa pinamamahalaang pangangalaga, maaari kang makipag-ugnayan nang direkta sa Covered California sa 1-800-300-1506.

Kanino Ako Makikipag-ugnayan Kung Pinagiisipan Kong Magpatiwakal?

Kung ikaw o ang kakilala mo ay nakararanas ng krisis, mangyaring tumawag sa National Suicide Prevention Lifeline sa 1-800-273-TALK (8255).

Para sa mga lokal na residente na naghahanap ng tulong sa isang krisis at ng access sa mga lokal na programa para sa kalusugan ng pag-iisip, mangyaring tumawag sa Crisis Support Services ng Alameda County sa 1-800-273-8255.

PAANO MALALAMAN KUNG KAILANGAN MO O NG KILALA MO NG TULONG

Paano Ko Malalaman Kung Kailangan Ko ng Tulong?

Maraming tao ang nakararanas ng kahirapan sa buhay at maaaring makaranas ng mga problema sa kalusugan ng pag-iisip.

Ang pinakamahalagang dapat alalahanin kapag tinatanong sa sarili mo kung kailangan mo ng propesyonal na tulong ay ang pagtiwala sa iyong sarili. Kung kwalipikado ka para sa Medi-Cal, at sa tingin mo ay kailangan mo ng propesyonal na tulong, dapat kang humiling para sa isang pagtatasa mula sa ACBH.

Maaaring kailangan mo ng tulong kung mayroon ka ng isa o higit pa sa mga sumusunod na senyales:

- Matinding pagkalungkot (o ramdam mong walang pag-asa, walang maaabot na tulong, o matinding pagkalumbay) halos buong araw, halos araw-araw
- Kawalan ng interes sa mga gawaing karaniwan mong gusto
- Malaking pagbaba o pagdagdag ng timbang sa maikling panahon
- Pagtulog nang marami o ng kaunti
- Bumagal o sobrang pisikal na pagkilos
- Kapaguran halos araw-araw
- Nakararamdam ng kawalan ng kabuluhan sa sarili o matinding pagkakasala
- Kahirapan sa pag-iisip, pagpokus, at/o paggawa ng mga desisyon
- Nabawasan ang pangangailangan sa pagtulog (pakiramdam na 'nakapagpahinga nang mabuti' matapos ang konting oras ng pagtulog)
- Mabilis na daloy ng pag-iisip na masyadong mabilis para manaig
- Pagsasalita ng napaka-bilis o hindi matigil ang pananalita
- Pakiramdam na may mga taong naghahabol sayo
- Pagrinig ng mga boses at/o tunog na hindi naririnig ng iba
- Pagkita ng mga bagay na hindi nakikita ng iba
- Hindi makapunta sa trabaho o paaralan
- Walang pakialam sa personal na kalinisan (pagiging malinis)
- Pagkakaroon ng seryosong problema sa ibang tao
- Pag-layo o pag-iwas sa ibang tao
- Madalas na pag-iyak nang walang dahilan
- Madalas na galit at 'nag-aalburuto' nang walang dahilan
- Pagkakaroon ng matinding pagbabago-bago ng kalooban
- Madalas na nakararamdan ng pagkabalisa o pagaalala
- Pagkakaroon ng itinuturing ng iba na hindi pangkaraniwan o kakaibang pag-uugali

Paano Ko Malalaman Kung ang isang Bata o Teenager ay Nangangailangan ng Tulong?

Maaari kang makipag-ugnayan sa ACBH para sa isang pagtatasa ng iyong anak o teenager kung sa tingin mo ay nagpapakita sila ng mga senyales ng probelam sa kalusugan ng pag-iisip. Kung kwalipikado ang iyong anak o teenager para sa Medi-Cal at tinutukoy ng pagtatasa ng county na kinakailangan ang mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip na saklaw ng Alameda County Behavioural Health, kikilos ang Alameda County Behavioural Health para makatanggap ang iyong anak o teenager ng mga serbisyong ito. Mayroon ding mga serbisyong maaaring matanggap ang mga magulang na nahihirapan dahil sa pagiging magulang o mayroong mga problema sa kalusugan ng pag-iisip.

Makakatulong ang sumusunod na checklist upang malaman kung kailangan ng iyong anak ng tulong, gaya ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip. Kung mayroon sa higit sa isang senyales o nangyayari na ito ng matagalan, maaaring nagpapahiwatig ito ng malalang problema na nangangailangan ng propesyonal na tulong. Narito ang ilang mga senyales na dapat bantayan:

- Pagrereklamo ng mga kirot/pananakit
- Mas madalas mag-isa
- Madaling mapagod at kaunti ang lakas
- Hindi mapakali at hindi mapalagay
- May problema sa guro
- Mas hindi interesado sa paaralan
- Kumikilos nang parang pinaandar ng motor
- Madalas matulala
- Madaling maabala
- Takot sa mga bagong sitwasyon
- Malungkot at hindi masya
- Iritable at galit
- Pakiramdam ay walang pag-asa
- May problema sa pagpokus
- Mas hindi interesado sa mga kaibigan
- Nakikipag-away sa ibang tao
- Hindi dumadalo sa paaralan
- Bumababa ang grado sa paaralan
- Walang kumpiyansa sa sarili
- Nagpapatingin sa doktor at walang nakikitang mali ang doktor
- Nahihirapang matulog
- Madalas mag-alala
- Mas gustong kasama ka kaysa dati
- Pakiramdam nila ay 'masama' sila
- Nakikipagsapalaran sa panganib nang hindi kinakailangan
- Mas madalas ~~magkasugat~~ [masaktan](#)
- Mukhang mas hindi nagsasaya
- Kumikilos gaya ng mga batang mas bata sa kaniya
- Hindi sumusunod sa mga patakaran
- Hindi pinapakita ang mga naramdaman
- Hindi naiintindihan ang damdamin ng iba
- Tinutukso ang iba
- Sinisisi ang iba para sa kanilang mga problema
- Kinukuha ang mga bagay na hindi niya pagmamay-ari
- Hindi pumapayag na makihati sa iba

PAGKUHA NG SPECIALTY MENTAL HEALTH SERVICES

Ano Ang Specialty Mental Health Services (Mga Serbisyong Espesyalidad sa Kalusugan ng Pag-iisip)

Ang mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip ay mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa mga taong may karamdaman sa pag-iisip o mga problemang emosyonal na hindi kayang gamutin ng karaniwang doktor. Ang mga karamdaman o problemang ito ay malubha anupat nakakaantala ito sa abilidad ng isang tao na ipagpatuloy ang kanilang pang-araw-araw na mga gawain.

Kabilang sa mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip ay:

- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip
- Mga serbisyong suporta sa gamot
- Nakatuon na pamamahala ng kaso
- Mga serbisyo sa interbensyon sa krisis
- Mga serbisyo sa pag-stabilize ng krisis
- Mga residensiyal na serbisyo sa paggamot sa mga nasa hustong gulang
- Mga residensiyal na serbisyo para sa krisis
- Day treatment intensive services (mga intensibong serbisyo sa pang-umaga o hapon na paggamot)
- Day rehabilitation (pang-umaga o hapon na rehabilitasyon)
- Psychiatric inpatient hospital services (mga psychiatric na serbisyo para sa mga pasyenteng naka-confine sa ospital)
- Psychiatric health facility services (mga pasilidad na serbisyo sa kalusugang pangkaisipan)

Bukod sa mga pang-espesyalidad na serbisyo sa kalusugan sa pag-iisip, makakakuha ng mga karagdagang serbisyo ang mga benepisyaryong wala pang edad na 21. Kung nais mong matuto pa tungkol sa bawat isang pang-espesyalidad na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na maaaring available para sa iyo, tingnan ang seksiyong "Saklaw ng Mga Serbisyo" ng handbook na ito.

Paano Ako Makakatanggap ng Mga Serbisyong Espesyalidad sa Kalusugan ng Pag-iisip?

Kung sa tingin mo ay kailangan mo ng mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip, maaari kang tumawag sa linya ng ACCESS ng Alameda County sa 1-800-491-9099.

Maaari ka ring ma-refer sa mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip ng ibang tao o organisasyon, kabilang ngunit hindi limitado sa iyong doktor, paaralan, miyembro ng pamilya, tagapag-alaga (guardian), ang iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal managed care, o iba pang ahensiya ng county. Karaniwang kailangan ng iyong doktor o ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal managed care ang iyong pahintulot, o ang pahintulot ng magulang o tagapangalaga ng isang bata, upang gawin ang referral, maliban kung isa itong emergency. Hindi maaaring tanggihan ng ACBH ang paunang pagtatasa upang tukuyin kung natutugunan mo ang pamantayan sa medikal na pangangailangan para sa pagtanggap ng mga serbisyo mula sa Alameda County Behavioral Health.

Ang saklaw na mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip ay makukuha sa buong network ng provider ng Alameda County (gaya ng mga klinika, sentro ng paggamot, mga organisasyong nakabase sa komunidad, atbp.). Kung hindi maibibigay ng isang kinontratang provider ang isang saklaw na serbisyo, isasaayos ng Alameda County Behavioral Health na isagawa ang serbisyo ng ibang provider.

Saan Ako Makakatanggap ng Mga Serbisyong Espesyalidad sa Kalusugan ng Pag-iisip?

Maaari kang makatanggap ng mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip sa county kung saan ka nakatira. Tumawag ang mga residente ng Alameda County sa Alameda County ACCESS sa 1-800-491-9099 upang simulan ang mga serbisyo. Nag-aalok ang Alameda County Behavioral Health ng mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip para sa mga musmos, kabataan, nasa hustong gulang, at mga mas nakatatanda. Kung ikaw ay wala pang edad na 21, kwalipikado ka para sa Early and Periodic Screening, Diagnostic and Treatment (Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diagnostic at Paggamot, EPSDT), na maaaring mayroong karagdagang saklaw at mga benepisyo.

Tutukuyin ng ACCESS program kung kailangan mo ng mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip. Kung hindi mo kailangan ng mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip, ire-refer ka ng Alameda County Behavioral Health ACCESS sa isang provider ng kalusugan sa pag-iisip.

Paano Ako Makakatanggap ng Ibang Serbisyo Sa Kalusugan ng Pag-iisip Na Hindi Saklaw ng Alameda County Behavioral Health?

Kung ikaw ay nakatala sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal managed care, maaaring may access ka sa sumusunod na mga serbisyo ng outpatient para sa kalusugan ng pag-iisip sa pamamagitan ng iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal managed care:

- Pagsusuri at paggamot sa indibidwal at grupo para sa kalusugan ng pag-iisip (psychotherapy)
- Sikolohikal na pagsusuri upang matasa ang isang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip
- Mga serbisyo para sa outpatient na kasama ang pagsusuri sa laboratoryo, mga gamot, at supply
- Mga serbisyo para sa outpatient para masubaybayan ang therapy sa gamot
- Psychiatric na konsultasyon

Kung ikaw ay wala sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal managed care, maaari ka pa ring makatanggap ng mga serbisyong ito mula sa mga indibidwal na provider at klinika na tumatanggap ng Medi-Cal. Maaaring matulungan ka ng Alameda County Behavioral Health na makahanap ng isang provider o klinika na makatutulong sa iyo o makapagbibigay sa iyo ng ilang ideya kung paano makahanap ng isang provider o klinika.

Ang anumang klinika na tumatanggap ng Medi-Cal ay kayang magbigay ng mga inirerestang gamot upang gamutin ang isang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip.

Paano Ako Makakatanggap ng Ibang Serbisyo ng Medi-Cal (Pangunahing Pangangalaga/Medikal) Na Hindi Saklaw ng Alameda County Behavioral Health?

Mayroong dalawang paraan upang makatanggap ng mga serbisyo ng Medi-Cal na hindi saklaw ng Alameda County Behavioral Health:

1. Sa pamamagitan ng pagsali sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal managed care.
Kung ikaw ay isang miyembro ng isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal managed care:
 - Maghahanap ang iyong planong pangkalusugan ng provider para sa iyo kung kailangan mo ng pangangalagang pangkalusugan.
 - Matatanggap mo ang pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng isang planong pangkalusugan, isang HMO (health maintenance organization), o isang primary case manager.
 - Dapat mong gamitin ang mga provider at klinika sa planong pangkalusugan, maliban kung kailangan mo ng pangangalagang pang-emergency.

- Maaari kang gumamit ng provider sa labas ng iyong planong pangkalusugan para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya.
 - Makakalahok ka lamang sa isang planong pangkalusugan kung hindi ka magbabayad ng bahagi ng gastusin, na halaga na sinang-ayunan mong bayaran para sa pangangalagang pangkalusugan bago magsimulang magbayad ang planong pangkalusugan ng Medi-Cal managed care
2. Mula sa mga provider ng indibidwal na pangangalagang pangkalusugan na tumatanggap ng Medi-Cal.
- Makakakuha ka ng pangangalagang pangkalusugan mula sa mga indibidwal na provider o klinika na tumatanggap ng Medi-Cal.
 - Dapat mong sabihin sa iyong provider na mayroon kang Medi-Cal bago simulang kumuha ng mga serbisyo. Kung hindi ay maaari kang singilin para sa mga serbisyong iyon.
 - Hindi kailangang tingnan ng mga indibidwal na provider ng pangangalagang pangkalusugan ang mga pasyente ng Medi-Cal, o kaya naman ay maaaring kaunting pasyente lamang ng Medi-Cal ang titingnan.

Paano Kung Mayroon Akong Problema Sa Alak o Droga?

Kung sa tingin mo ay kailangan mo ng mga serbisyo sa paggamot ng sakit sa pagkalulong sa alak o droga (substance use disorder, SUD), maaari kang makatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng paghiling nito sa plano ng county mismo. Maaari kang tumawag sa libreng numero ng telepono ng iyong county na nakalista sa harap na seksiyon ng handbook na ito. Maaari ka ring ma-refer sa iyong plano ng county para sa mga serbisyo sa paggamot ng SUD sa ibang mga paraan. Inaatasan ang plano ng county na tumanggap ng mga referral para sa mga serbisyo sa paggamot ng SUD mula sa mga doktor at iba pang provider ng pangunahing pangangalaga na naniniwalang kailangan mo ng mga serbisyong ito at mula sa iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal managed care, kung ikaw ay isang miyembro. Karaniwang kailangan ng iyong provider o ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal managed care ang iyong pahintulot, o ang pahintulot ng magulang o tagapangalaga ng isang bata, upang gawin ang referral, maliban kung isa itong emergency. Maaari ring gumawa ng mga referral ang ibang tao at organisasyon sa county, kabilang ang mga paaralan; mga departamento ng kapakanan o mga serbisyong panlipunan; conservator, mga tagapag-alaga (guardian) o mga miyembro ng pamilya; at mga ahensiya sa pagpapatupad ng batas.

Ang mga saklaw na serbisyo ay makukuha sa pamamagitan ng network ng provider ng Alameda County. Kung mayroong kinontratang provider na tatangi sa pagsasagawa o pagsuporta sa anumang saklaw na serbisyo, isasaayos ng Alameda County Behavioral Health na isagawa ang serbisyo ng ibang provider. Tutugon ang Alameda County nang may mga napapanahong referral at koordinasyon sa pagkakataon na ang isang saklaw na serbisyo ay hindi maaaring makuha mula sa isang provider dahil sa mga pagtutol na panrelihiyon, etikal o moral sa saklaw na serbisyo.

Ang lahat ng mga kasalukuyang benepisyaryo ay makatatanggap ng sulat na tinutukoy ang pagbabago sa kanilang provider ng serbisyo, kung naaangkop, sa pamamagitan ng plano ng mga serbisyo sa DMC ODS ng Alameda County. Sa simula ng mga serbisyo at kapag hiniling ng benepisyaryo, ipapamahagi ng kinontratang provider ang handbook sa lahat ng mga benepisyaryo. Ang network ng mga provider ng DMC ODS ng Alameda County ay inatasang magbigay ng kopya ng Handbook ng Benepisyaryo at tutulungan kayo sa pagtukoy ng kwalipikasyon.

PAMANTAYAN SA PAGIGING MEDIKAL NA PANGANGAILANGAN

Ano ang Medikal na Pangangailangan at Bakit Ito Mahalaga?

Isa sa mga kahingian na kinakailangan para makakuha ng mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip sa pamagigitan ng ACBH ay tinatawag na 'medikal na pangangailangan.' Nangangahulugan ito na ang isang doktor o ibang lisensyadong propesyonal ay makikipag-usap sa iyo upang pagdesisyunan kung mayroong medikal na pangangailangan para sa mga serbisyo, at kung matutulungan ka ng mga serbisyo kung matanggap mo ang mga ito.

Matutulungang matukoy ng medikal na pangangailangan kung ikaw ay kwalipikado para sa mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip at kung anong uri ng mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip ang naaangkop. Ang pagpapasya sa medikal na pangangailangan ay napakahalagang bahagi ng proseso ng pagtanggap ng mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip.

Hindi mo kailangang malaman kung ikaw ay may diagnosis para sa isang partikular na karamdaman sa pag-iisip upang humiling ng tulong. Tutulungan ka ng ACBH na makuha ang impormasyong ito sa pamamagitan ng isang pagtatasa. Kung matukoy ng mga resulta ng pagtatasa na ikaw ay may kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip na nakatutugon sa pamantayan ng medikal na pangangailangan, ibibigay ang mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip o outpatient na paggamot batay sa iyong mga pangangailangan.

Ano Ang Pamantayan ng Medikal na Pangangailangan para sa Mga Taong Wala Pang Edad na 21?

Kung ikaw ay wala pang edad na 21, may buong saklaw ng Medi-Cal, at may diagnosis na saklaw ng Alameda County Behavioral Health, isasaalang-alang din ng Alameda County Behavioral Health kung ang mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip ay makaiiwas sa paglala ng iyong kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip. Kung ang mga serbisyong saklaw ng Alameda County Behavioral Health ay maiwawasto o mapapabuti ang iyong kalusugan ng pag-iisip, ibibigay ng Alameda County Behavioral Health ang mga serbisyo.

Ano Ang Pamantayan ng Medikal na Pangangailangan para sa Mga Psychiatric na Serbisyo Para Sa Mga Pasyenteng Naka-confine Sa Ospital (Inpatient)?

Maaaring maipasok ka sa ospital sa pang-emergency na batayan kung ikaw ay may karamdaman sa pag-iisip o sintomas ng karamdaman sa pag-iisip, hindi ligtas na magagamot sa mas mababang antas ng pangangalaga, at dahil sa karamdaman sa pag-iisip o sintomas ng karamdaman sa pag-iisip, ikaw ay:

- Nagpapakita sa kasalukuyan ng panganib sa sarili o sa iba, o sa seryosong pagkasira ng pag-aari
- Nahahadlangan sa paglaan ng pagkain, damit, o tirahan
- Nagpapakita ng malubhang panganib sa iyong pisikal na kalusugan
- Kamakailan ay nagkaroon ng makabuluhang paghina ng kakayanan na kumilos
- Kailangan ng psychiatric na pagsusuri, paggamot gamit ang gamot, o iba pang paggamot na maaari lamang maibigay sa ospital

PAGPILI NG PROVIDER

Paano Ako Makakahanap ng isang Provider para sa Mga Serbisyong Espesyalidad sa Kalusugan ng Pag-iisip na Kailangan Ko?

Upang simulan ang SMHS sa ACBH, mangyaring tumawag sa ACCESS program sa 1-800-491-9099.

Maaaring maglagay ng mga limitasyon ang Alameda County Behavioral Health sa pagpili mo ng mga provider. Dapat kang bigyan ng ACBH ng pagkakataon na pumili sa hindi bababa sa dalawang provider kapag una kang nagsimula ng mga serbisyo, maliban kung mayroong mabuting katwiran ang Alameda County Behavioral Health kung bakit hindi ito makapagbigay ng pagpipilian (halimbawa, kung iisa lamang ang provider na makapagkakaloob ng serbisyong kailangan mo). Dapat ka ring payagan ng ACBH na magpalit ng provider. Kapag humihiling na magpalit ng provider, dapat kang payagan ng Alameda County Behavioral Health na pumili sa pagitan ng hindi bababa sa dalawang provider, maliban kung may mabuting katwiran na hindi ito maibigay.

Minsan umaalis ang mga kontratadong provider sa Alameda County Behavioral Health sa sarili nila o sa kahilingan ng Alameda County Behavioral Health. Kapag nangyayari ito, dapat magsumikap ang Alameda County Behavioral Health sa pagbigay ng nakasulat na abiso sa bawat tao na tumatanggap ng mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip mula sa provider sa loob ng 15 araw matapos malaman ng Alameda County Behavioral Health na titigil nang magtrabaho ang provider.

Inaatasan ang ACBH na ilathala ang kasalukuyang direktoryo ng provider online. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga kasalukuyang provider o gusto mo ng na-update na direktoryo ng provider, bisitahin ang website ng ACBH sa http://www.ACBH.org/provider_directory/ o tumawag sa libreng numero ng telepono na nakalagay sa harap ng handbook na ito.

Kapag Nakahanap Ako ng Provider, Masasabi ba ng Alameda County Behavioral Health sa Provider Kung Anong Mga Serbisyo ang Tinatanggap Ko?

Ikaw, ang iyong provider, at ang Alameda County Behavioral Health ay pare-parehong kalahok sa pagpapasya kung anong mga serbisyo ang kailangan mong matanggap mula sa Alameda County Behavioral Health sa pamamagitan ng pagsunod ng pamantayan ng medikal na pangangailangan at listahan ng mga saklaw na serbisyo. Dapat gumamit ang Alameda County Behavioral Health ng kwalipikadong propesyonal upang masuri ang awtorisasyon ng serbisyo. Ang proseso ng pagsusuri na ito ay tinatawag na 'plan payment authorization process (proseso ng plano sa awtorisasyon ng pagbabayad).'

Dapat sumunod sa mga partikular na timeline ang proseso ng awtorisasyon ng Alameda County Behavioral Health. Para sa regular na awtorisasyon, dapat magpasya ang Alameda County Behavioral Health batay sa kahilingan ng iyong provider sa loob ng 14 araw ng kalendaryo. Kung hiniling mo ito o ng iyong provider, o kung sa tingin ng Alameda County Behavioral Health ay nasa interes mo na makakuha ng higit pang impormasyon mula sa iyong provider, maaaring pahabain ang timeline hanggang sa karagdagang 14 araw sa kalendaryo. Isang halimbawa kung kailan ang pagpapahaba ay maaaring nasa iyong interes ay kapag sa tingin ng Alameda County Behavioral Health na makakatulong ito sa pag-apruba ng kahilingan ng iyong provider sa paggamot kung makatanggap sila ng karagdagang impormasyon mula sa iyong provider. Kung papahabain ng Alameda County Behavioral Health ang timeline para sa kahilingan ng provider, magpapadala sa iyo ang county ng nakasulat na abiso tungkol sa pagpapahabang ito.

Kung nagpasya ang Alameda County Behavioral Health na hindi mo kailangan ang mga hiniling na serbisyo, dapat magpadala sa iyo ang Alameda County Behavioral Health ng Notice of Adverse Benefit Determination (Abiso ng Salungat na Pagpapasya ng Benepisyo) na nagsasabi sa iyo na tinanggihan ang mga serbisyo at nagpapaalam sa iyo na maaari kang maghain ng apela o humiling para sa isang Pagdinig ng Estado.

Maaari kang humiling sa Alameda County Behavioral Health ng higit pang impormasyong tungkol sa proseso ng awtorisasyon nito. Tingnan ang harap ng handbook na ito upang malaman kung paano humiling ng impormasyon.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng Alameda County Behavioral Health sa proseso ng awtorisasyon, maaari kang maghain ng apela sa county.

Aling Mga Provider Ang Ginagamit ng Aking BHP?

Ginagamit ng ACBH ang apat na magkakaibang uri ng provider upang magbigay ng mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip. Kabilang dito ang mga:

Mga Indibidwal na Provider: Mga propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip, gaya ng mga doktor, na mayroong kontrata sa iyong BHP sa county upang magbigay ng mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip sa isang tanggapan at/o sa komunidad.

Mga Pangkat ng Provider: Mga pangkat ng propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip na, bilang isang pangkat ng mga propesyonal, ay kinokontra ng ACBH na mag-alok ng mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip sa tanggapan at/o sa komunidad.

Mga Organisasyonal na Provider: Mga klinika, ahensiya, o pasilidad sa kalusugan ng pag-iisip na pagmamay-ari o pinapatakbo ng Alameda County Behavioral Health, o kinokontra ng iyong BHP sa county upang magbigay ng mga serbisyo sa isang klinika at/o sa komunidad.

Mga Provider na Ospital: Maaari kang makatanggap ng pangangalaga o mga serbisyo sa isang ospital. Maaaring bahagi ito ng paggamot na pang-emergency o para sa krisis/aganan.

Inaatasan ang Alameda County Behavioral Health na ilathala ang kasalukuyang direktoryo ng provider online. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga kasalukuyang provider o gusto mo ng na-update na direktoryo ng provider, bisitahin ang http://www.ACBH.org/provider_directory/ o tumawag sa libreng numero ng telepono na nakalagay sa harap ng handbook na ito.

SAKLAW NG MGA SERBISYO

Kung nakatutugon ka sa pamantayan ng medikal na pangangailangan para sa mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip, maaaring makakuha ka ng mga sumusunod na serbisyo batay sa iyong pangangailangan para sa mga serbisyo na ipinagtibay ng isang pagtatasa at idinokumento sa iyong pang-indibidwal na plano ng kliyente.

- **Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip**

- Ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ay mga serbisyo para sa indibidwal, pangkat, o paggamot na nakabase sa tahanan na tumutulong sa mga taong may karamdaman sa pag-iisip na mapaunlad ang mga kasanayan sa pagharap sa pang-araw-araw na pamumuhay. Kabilang rin sa mga serbisyong ito ang mga ginagawang pagsusumikap ng provider na mapabuti ang mga serbisyo para sa taong nakatatanggap ng mga serbisyo. Kabilang sa mga ito ang: pagtatasa para malaman kung kailangan mo ng serbisyo at kung gumagana ang serbisyo; paglikha ng plano upang pagdesisyunan ang mga layunin sa iyong paggamot ng kalusugan sa pag-iisip at ang mga partikular na ibibigay na mga serbisyo; at "collateral", na nangangahulugang pakikipagtulungan sa mga miyembro ng iyong pamilya at mahahalagang tao sa buhay mo (kung magbigay ka ng pahintulot) upang matulungan kang ipabuti o mapanatili ang mga kakayanan sa pang-araw-araw na pamumuhay. Maaaring ibigay ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip sa isang klinika o sa tanggapan ng provider, sa telepono o gamit ang telemedicine, sa iyong tahanan o sa komunidad.

- **Mga serbisyong suporta sa gamot**

- Kabilang sa mga serbisyong ito ang pagreseta, pagbibigay, pamamahagi, at pagsubaybay ng mga gamot na psychiatric; at ang pagtuturo tungkol sa mga gamot na psychiatric. Maaaring ibigay ang mga serbisyong suporta sa gamot sa isang klinika o sa tanggapan ng provider, sa telepono o gamit ang telemedicine, sa iyong tahanan o sa komunidad.

- **Nakatuon na Pamamahala ng Kaso**

- Ang serbisyong ito ay tumutulong sa pagkhua ng medikal, edukasyonal, panlipunan, prevocational, bokasyonal, pang-rehabilitasyon, o iba pang serbisyo sa komunidad kapag ang mga serbisyong ito ay mahirap makuha ng mga taong may karamdaman sa pag-iisip sa kanilang sarili. Kabilang sa nakatuon na pamamahala ng kaso ang paglikha ng plano; pakikipag-ugnayan, koordinasyon, at referral; pagsubaybay ng paghahatid ng serbisyo upang matiyak ang pagtanggap ng serbisyo ng tao at ang sistema ng paghahatid ng serbisyo; at ang pagsubaybay sa pag-unlad ng tao.

- **Mga serbisyo sa interbensyon sa krisis**

- Ang serbisyong ito ay makukuha upang matugunan ang isang biglaang kondisyon na nangangailangan ng agarang pansin. Ang layunin ng interbensyon sa krisis ay tulungan ang tao sa komunidad, upang hindi na sila mapadala sa ospital. Maaaring tumagal ang interbensyon sa krisis hanggang sa walong oras at maaaring ibigay sa isang klinika o sa tanggapan ng provider, sa telepono o gamit ang telemedicine, sa iyong tahanan o sa komunidad.

- **Mga serbisyo sa pag-stabilize ng krisis**
 - Ang serbisyong ito ay makukuha upang matugunan ang isang biglaang kondisyon na nangangailangan ng agarang pansin. Ang pag-stabilize ng krisis ay maaaring tumagal hanggang 20 oras at dapat ibigay sa isang lisensyadong 24 oras na pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan, sa isang programa para sa outpatient na nakabase sa ospital, o isang lugar ng provider na may sertipikasyon upang magbigay ng mga serbisyo sa pag-stabilize ng krisis.
- **Mga residensiyal na serbisyo sa paggamot sa mga nasa hustong gulang**
 - Nagbibigay ang mga serbisyong ito ng paggamot ng kalusugan ng pag-iisip at bumubuo ng mga kasanayan para sa mga taong nakatira sa mga lisensyadong pasilidad na nagbibigay ng mga residensiyal na serbisyo sa paggamot para sa mga taong may karamdaman sa pag-iisip. Makukuha ang mga serbisyong ito 24 oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo. Hindi saklaw ng Medi-Cal ang gastos sa silid at pagkain para manatili sa pasilidad na nagbibigay ng mga residensiyal na serbisyo sa paggamot sa mga nasa hustong gulang.
- **Mga Residensiyal na Serbisyo sa Paggamot sa Kriss**
 - Nagbibigay ang mga serbisyong ito ng paggamot ng kalusugan ng pag-iisip at bumubuo ng mga kasanayan para sa mga taong mayroong seryosong krisis na pangkaisipan o emosyonal, ngunit hindi nangangailangan ng pangangalaga sa isang psychiatric na ospital. Makukuha ang mga serbisyong ito 24 oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo sa mga lisensyadong pasilidad. Hindi saklaw ng Medi-Cal ang gastos sa silid at pagkain para manatili sa pasilidad na nagbibigay ng mga residensiyal na serbisyo sa paggamot sa krisis.
- **Day Treatment Intensive Services (Mga Intensibong Serbisyo sa Pang-umaga o hapon na Paggamot)**
 - Ito ay isang nakabalangkas na programa sa paggamot ng kalusugan ng pag-iisip na ibinibigay sa pangkat ng mga tao na maaaring kailangang manatili sa isang ospital o iba pang 24 oras na pasilidad sa pangangalaga. Tumatagal ang programang ito nang hindi bababa sa tatlong oras sa isang araw. Maaaring umuwi sa kanilang mga tahanan ang mga tao sa gabi. Kabilang sa programang ito ang mga gawain sa pag-buo ng mga kasanayan at mga therapy pati na rin ang psychotherapy.
- **Day Rehabilitation (Pang-umaga o hapon na Rehabilitasyon)**
 - Ito ay nakabalangkas na programa na idinisenyo upang tulungan ang mga taong may karamdaman sa pag-iisip na matuto at bumuo ng mga kasanayan sa pagharap at sa buhay at upang mas mabuting mapamahalaan ang mga sintomas ng karamdaman sa kalusugan ng pag-iisip. Tumatagal ang programang ito nang hindi bababa sa tatlong oras kada araw. Kabilang sa programang ito ang mga gawain sa pag-buo ng mga kasanayan at mga therapy.

- **Psychiatric Inpatient Hospital Services (Mga Psychiatric na Serbisyo para sa Mga Pasyenteng Naka-confine sa Ospital)**
 - Ang mga serbisyong ito ay binibigay sa isang lisensyadong psychiatric na ospital batay sa pagtutukoy ng isang lisensyadong propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip na ang taong pinag-uusapan ay nangangailangan ng masinsinang 24 oras na paggamot ng kalusugan sa pag-iisip.
- **Psychiatric Health Facility Services (mga pasilidad na serbisyo sa kalusugang pangkaisipan)**
 - Ang mga serbisyong ito ay ibinibigay sa isang lisensyadong pasilidad sa kalusugan ng pag-iisip na may espesyalisasyon sa 24 oras na pang-rehabilitasyong paggamot ng mga malubhang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip. Dapat may kasunduan ang mga psychiatric na pasilidad sa kalapit na ospital o klinika upang matugunan ang mga pangangailangan sa pisikal na pangangalagang pangkalusugan ng mga tao sa pasilidad.

Mayroon Bang Mga Espesyal na Serbisyo na Makukuha ng Mga Musmos, Kabataan, at/o Mga Nakababatang Nasa Hustong Gulang na?

Ang mga benepisyaryong wala pang edad na 21 ay maaaring makakuha ng mga karagdagang serbisyo ng Medi-Cal mula sa pambansang programa na tinatawag na Early and Periodic Screening, Diagnostic and Treatment (EPSDT).

Upang maging kwalipikado para sa mga serbisyo ng EPSDT, dapat ay wala ka pang edad na 21 at may buong saklaw ng

Medi-Cal. Iwinawasto o ipinapabuti ng mga serbisyo ng EPSDT ang mga problemang medikal na mahahanap ng iyong doktor o ibang provider ng pangangalagang pangkalusugan, kahit na hindi ganap na mawawala ang problemang pangkalusugan.

Tanungin ang iyong doktor o iyong klinika ang tungkol sa mga serbisyo ng EPSDT. Maaari kang makakuha ng mga serbisyong ito kung ikaw at ang iyong doktor, o ibang provider na pangkalusugan, klinika, o departamento ng county ay sumasang-ayon na kailangan mo ang mga ito dahil medikal na kinakailangan ito para sa iyo, at nagsumite sila ng kahilingan para sa mga serbisyong ito para sa pagsusuri ng Alameda County Behavioral Health.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa programa ng EPSDT, mangyaring tumawag sa 1-800-491-9099.

Ang mga sumusunod na espesyal na serbisyo ay maaari ring makuha mula sa Alameda County Behavioral Health para sa mga musmos, kabataan, at mga nakababata na wala pang edad na 21: Therapeutic Behavioral Services (Mga Serbisyong Therapeutic para sa Pag-uugali), Intensive Care Coordination (Koordinasyon sa Masinsinang Pangangalaga), Intensive Home Based Services (Mga Masinsinang Serbisyo na Nakabase sa Tahanan), at Therapeutic Foster Care Services (Mga Serbisyong Therapeutic para sa Foster Cate).

Therapeutic Behavioral Services (TBS)

Ang TBS ay masinsinang, pang-indibidwal, na panandaliang interbensyon sa paggamot sa outpatient para sa mga benepisyaryong wala pang edad na 21. Ang mga indibidwal na nakatatanggap ng mga serbisyong ito ay may malalang pagkagambala sa emosyon, nakararanas ng nakababahalang pagbabago o krisis sa buhay, at nangangailangan ng panandalian, at partikular na mga serbisyong pansuporta upang makamit ang mga resulta na tinukoy sa kanilang nakasulat na plano sa paggamot.

Ang TBS ay isang uri ng serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip na makukuha sa bawat BHP kung ikaw ay mayroong seryosong problemang emosyonal. Dapat ikaw ay tumatanggap ng serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, wala pang edad na 21, at may buong saklaw ng Medi-Cal upang makakuha ng TBS.

- Kung nakatira ka sa tahanan, makikipagtulungan sa iyo nang personal ang isang kawani ng TBS upang mabawasan ang malalang problema sa pag-uugali at para tulungan kang maiwasang mangailangan ng mas mataas na antas ng pangangalaga, tulad ng sa isang group home para sa mga musmos, kabataan at mga nakababata na may napakalubhang problemang emosyonal.
- Kung nakatira ka sa isang group home para sa mga musmos, kabataan at mga nakababata na may napakalubhang problemang emosyonal, makikipagtulungan sa iyo nang personal ang isang kawani ng TBS upang makalipat ka sa mas mababang antas ng pangangalaga, gaya ng isang foster home o makabalik sa tahanan. Ang TBS ay tutulong sa iyo at sa iyong pamilya, tagapangalaga, o tagaagapalaga na matuto nang mga bagong paraan sa pagtugon sa mga problema sa pag-uugali at mga paraan para mahikayat ang mga pag-uugali na tutulong sa iyong maging matagumpay. Ikaw, ang kawani ng TBS, ang iyong pamilya, tagapangalaga, o tagapag-alaga (guardian) ay magtutulong bilang isang pangkat upang tugunan ang mga maproblemang pag-uugali sa maikling panahon, hanggang sa hindi mo na kailangan ng TBS. Magkakaroon ka ng plano sa TBS na magsasabi sa iyo, sa iyong pamilya, tagapangalaga, o tagapag-alaga (guardian), at kawani ng TBS kung ano ang gagawin sa panahon ng TBS, at kailan at saan gagawin ang TBS. Makikipagtulungan sa iyo ang kawani ng TBS sa karamihan ng mga lugar kung saan malamang ay kailangan mo ng tulong para sa iyong problemang pag-uugali. Kabilang dito ang iyong tahanan, foster home, group home, paaralan, programa sa pang-umaga o hapon na paggamot, at iba pang lugar sa komunidad.

Intensive Care Coordination (ICC)

Ang ICC ay serbisyo sa nakatuon na pamamahala ng kaso na nangangasiwa ng pagtatasa ng, plano ng pangangalaga para sa, at koordinasyon ng mga serbisyo sa mga benepisyaryo na wala pang edad na 21 na kwalipikado para sa buong saklaw ng mga serbisyo ng Medi-Cal at nakatutugon sa pamantayan ng medikal na pangangailangan para sa serbisyong ito.

Kabilang sa mga bahagi ng serbisyo ng ICC ang pagtatasa; pagpapalano at pagpapatupad ng serbisyo; pagsubaybay at pagaangkop; at transisyon. Ipinagkakaloob ang mga serbisyo ng IRCC sa pamamagitan ng mga prinsipyo ng Core Practice Model (CPM), kabilang ang pagbuo ng Child and Family Team (CFT) upang matiyak ang pangangasiwa ng samahan ng pakikipagtulungan sa pagitan ng bata, kanilang pamilya, at ng mga kalahok na sistema na naglilingkod sa bata.

Kabilang sa CFT ang mga pormal na suporta (tulad ng coordinator ng pangangalaga, mga provider, at mga tagapamahala ng kaso mula sa mga ahensiyang naglilingkod sa mga bata), mga natural na suporta (tulad ng mga miyembro ng pamilya, mga kapitbahay, kaibigan, at simbahan), at iba pang indibidwal na nakikipagtulungan sa pagbuo at pagpapatupod ng plano ng kliyente at responsable para sa pagtulong sa mga bata at kanilang mga pamilya na makamit ang kanilang mga layunin. Nagbibigay din ang ICC ng ICC Coordinator na:

- Magtitiyak na nakakatanggap, nakokoordina, at naihahatid ang mga medikal na kinakailangang serbisyo sa paraang nakatuon sa mahuhusay na katangian (strength-based), pang-indibidwal, nakapokus sa kliyente at husto para sa kultura at wika.
- Magtitiyak na ang mga serbisyo at suporta ay ginagabayan ng mga pangangailangan ng bata.

- Mangangasiwa ng samahan ng pakikipagtulungan sa pagitan ng bata, kanilang pamilya, at mga sistema na kalahok sa pagbibigay ng mga serbisyo sa kanila.
- Sumusuporta sa magulang/tagapangalaga sa pagtugon sa mga pangangailangan ng kanilang anak.
- Tutulong na bumuo ng CFT at magbibigay ng patuloy na suporta.
- Mag-oorganisa at tutugma ng pangangalaga sa mga provider at mga sistema na naglilingkod sa bata upang pahintulutan ang bata na maglingkod sa kanilang komunidad.

Intensive Home Based Services (IHBS)

Ang IHBS ay mga interbensyon na pang-indibidwal, nakatuon sa mahuhusay na katangian (strength-based) na idinisenyo upang mapabuti ang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip na humahadlang sa paggampan ng musmos/kabataan at naglalayong makatulong sa musmos/kabataan na bumuo ng mga kasanayang kinakailangan para sa matagumpay na paggampan sa tahanan at komunidad, at pahasayin ang kakayahan ng pamilya ng musmos/kabataan na tulungan ang musmos/kabataan na matagumpay na gumampan sa tahanan at komunidad.

Ibinibigay ang mga serbisyo ng IHBS ayon sa isang pang-indibidwal na plano sa paggamot na binuo alinsunod sa CPM ng CFT na nakikipagtulungan sa pangkalahatang plano ng serbisyo ng pamilya, na maaaring kabilangan ng IHBS. Kabilang ngunit hindi limitado sa mga aktibidad ng serbisyo ang pagtatasa, pagbuo ng plano, therapy, rehabilitasyon, at collateral. Ibinibigay ang IHBS sa mga benepisyaryong wala pang edad na 21 na kwalipikado para sa buong saklaw ng mga serbisyo ng Medi-Cal at nakatutugon sa pamantayan sa medikal na pangangailangan para sa serbisyong ito.

Therapeutic Foster Care (TFC)

Pinahihintulutan ng model ng serbisyo ng TFC ang pagkakaloob ng mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip na panandalian, masinsinan, may pag-unawa at pagsasaalang-alang sa trauma, at pang-indibidwal para sa mga batang hanggang edad 21 na may mga kumplikadong pangangailang pang-emosyonal at sa pag-uugali. Kabilang sa mga serbisyo ang pagbuo ng plano, rehabilitasyon, at collateral. Sa TFC, inilalagay ang mga bata sa mga magulang ng TFC na may kasanayan, masinsinang sinusubaybayan, at sinusuportahan.

NEGATIBONG PAGPAPASYA NG BENEPISYO

Ano Ang Notice of Adverse Benefit Determination (Abiso ng Salungat na Pagpapasya ng Benepisyo)?

Ang Abiso ng Salungat na Pagpapasya ng Benepisyo ay isang form na ginagamit ng ACBH upang ipaalam sa iyo kapag nagpasya ito na bawasan o tanggiin ang iyong mga Medi-Cal na serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip. Ginagamit rin ang Abiso ng Salungat na Pagpapasya ng Benepisyo upang ipaalam sa iyo kung ang iyong karaingan, apela, o pinabilis na apela ay hindi nalutas sa tamang oras, o kung hindi ka nakatanggap ng mga serbisyo sa loob ng pamantayan sa timeline ng Alameda County Behavioral Health para sa pagkakaloob ng mga serbisyo.

Kailan Ako Makakatanggap ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya ng Benepisyo?

Makakatanggap ka ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya ng Benepisyo:

- Kung nagpasya ang ABCH o ang isa sa mga provider na ito na hindi ka kwalipikado na makatanggap ng anumang Medi-Cal na mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip dahil hindi mo natutugunan ang pamantayan sa medikal na pangangailangan.
- Kung sa tingin ng iyong provider ay kailangan mo ng mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip at hihilingin ang pag-apruba ng Alameda County Behavioral Health, ngunit hindi sasang-ayon at tatanggihan ng Alameda County Behavioral Health ang kahilingan ng iyong provider, o babawasan ang uri o kadalasan ng serbisyo. Kadalasan ay makakatanggap ka ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya ng Benepisyo bago ka makatanggap ng serbisyo, ngunit minsan ay darating ang Abiso ng Salungat na Pagpapasya ng Benepisyo pagkatapos mong matanggap ang serbisyo, o habang tumatanggap ka ng serbisyo. Kung makatanggap ka ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya ng Benepisyo pagkatapos mong matanggap ang serbisyo, hindi mo kailangang bayaran ang serbisyo.
- Kung hiniling ng iyong provider ang pag-apruba ng Alameda County Behavioral Health, ngunit kailangan pa ng higit na impormasyon ng Alameda County Behavioral Health upang gumawa ng pagpapasya at hindi nakompleto ang proseso ng pag-apruba sa tamang oras.
- Kung hindi maibigay ng ACBH ang mga serbisyo batay sa mga timeline na itinakda nito. Tumawag sa ACBH upang malaman kung nagtakda ito ng mga pamantayan sa timeline.
- Kung maghain ka ng karaingan sa Alameda County Behavioral Health at hindi makatutugon sa iyo ang Alameda County Behavioral Health nang may nakasulat na desisyon tungkol sa iyong karaingan sa loob ng 90 araw.
- Kung maghain ka ng apela sa Alameda County Behavioral Health at hindi makatutugon sa iyo ang Alameda County Behavioral Health nang may nakasulat na desisyon tungkol sa iyong apela sa loob ng 30 araw, o kung naghain ka ng pinabilis na apela, at hindi nakatanggap ng pagtugon sa loob ng 72 oras.

Makakatanggap ba Ako ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya ng Benepisyo Kapag Hindi Ako Makakuha ng Mga Serbisyong Gusto Ko?

Mayroong ilang kaso kung saan maaaring hindi ka makatanggap ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya ng Benepisyo. Maaari ka pa ring maghain ng apela sa Alameda County Behavioral Health o kung nakompleto mo na ang proseso sa pag-apela, maaari kang humiling para sa Pagdinig ng Estado kapag nangyayari ang mga bagay na ito. Ang impormasyon sa kung paano maghain ng apela o humiling para sa Pagdinig ng Estado ay nasa loob ng handbook na ito. Makukuha rin ang impormasyon sa tanggapan ng iyong provider.

Ano Ang Ipinagbibigay-alam sa Akin ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya ng Benepisyo?

Ipagbibigay-alam sa iyo ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya ng Benepisyo:

- Kung ano ang ginawa ng ACBH na makaaapekto sa iyo at sa iyong kakayahan na makatanggap ng mga serbisyo
- Ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng desisyon at ang dahilan ng Alameda County Behavioral Health sa paggawa ng desisyong iyon
- Ang mga patakaran ng estado at pang-pederal na sinunod ng Alameda County Behavioral Health sa paggawa ng desisyong iyon
- Kung ano ang iyong mga karapatan kung hindi ka sumasang-ayon sa kung ano ang ginawa ng Alameda County Behavioral Health
- Kung paano maghain ng apela sa Alameda County Behavioral Health
- Kung paano humiling ng Pagdinig ng Estado
- Kung paano humiling ng pinabilis na apela o pinabilis na Pagdinig ng Estado
- Kung paano makakuha ng tulong sa paghain ng apela o paghiling ng Pagdinig ng Estado
- Kung gaano katagal ka dapat maghain ng apela o humiling ng Pagdinig ng Estado
- Kung ikaw ay kwalipikado na magpatuloy sa pagtanggap ng mga serbisyo habang nag-aantay ka ng desisyon para sa isang apela o Pagdinig ng Estado
- Kung kailan ka dapat maghain ng apela o humiling ng Pagdinig ng Estado kung nais mong magpatuloy ang mga serbisyo

Ano Ang Dapat Kong Gawin Kapag Nakatanggap ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya ng Benepisyo?

Kapag nakatanggap ka ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya ng Benepisyo, dapat mong basahin nang mabuti ang lahat ng impormasyon sa form. Kung hindi mo nauunawaan ang form, maaari kang tulungan ng ACBH. Maaari ka ring humiling na tulungan ka ng ibang tao.

Maaari kang humiling na ipagpatuloy ang serbisyo na itinigil noong nagsumite ka ng apela o kahilingan para sa Pagdinig ng Estado. Dapat kang humiling ng pagpapatuloy ng mga serbisyo nang hindi bababa sa 10 araw pagkatapos mong matanggap ang Abiso ng Salungat na Pagpapasya ng Benepisyo o bago ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng pagbabago.

MGA PROSESO SA PAGLUTAS NG PROBLEMA

Paano Kung Hindi Ko Makuha Ang Mga Gusto Kong Serbisyo Mula sa Aking Behavioral Health Plan?

Mayroong paraan ang Alameda County Behavioral Health para malutasan mo ang isang problema tungkol sa anumang isyu na nauugnay sa mga natatanggap mong Mga Serbisyo sa Sakit sa Pagkalulong sa Alak o Droga. Tinatawag itong proseso sa paglutas ng problema at maaaring kabilang ang:

1. **Ang Proseso ng Karaingan:** pagpapahayag ng hindi kasiyahan tungkol sa anumang bagay na nauugnay sa iyong mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip
2. **Ang Proseso ng Pag-apela:** muling pagsusuri ng isang desisyon (pagtanggì o pagbabago ng mga serbisyo) na ginawa sa iyong mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip ng Alameda County Behavioral Health o ng iyong provider
3. **Ang Proseso ng Pagdinig ng Estado:** muling pagsusuri upang matiyak na natatanggap mo ang mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip na karapat-dapat mong matanggap sa ilalim ng programa ng Medi-Cal

Ang paghain ng karaingan, apela, o Pagdinig ng Estado ay hindi magagamit laban sa iyo at hindi makaaapekto sa mga serbisyong natatanggap mo. Kapag nakompleto ang iyong karaingan o apela, ipapaalam ito ng ACBH sa iyo at sa ibang sangkot sa panghuling resulta. Kapag nakompleto ang iyong Pagdinig ng Estado, ipapaalam ito ng Tanggapan ng Pagdinig ng Estado sa iyo at sa ibang sangkot sa panghuling resulta.

Matuto nang higit pa tungkol sa bawat proseso sa paglutas ng problema sa ibaba.

Makakakuha ba Ako ng Tulong sa Paghain ng Apela, Karaingan, o Pagdinig ng Estado?

Mayroong mga kawani ang ACBH na makatutulong sa iyo na ipaliwanag ang mga prosesong ito at matutulungan kang iulat ang isang problema maging karaingan, apela, o kahilingan man ito para sa isang Pagdinig ng Estado. Maaari ring makatulong sila sa pagpasya kung kwalipikado ka para sa tinatawag na 'pinabilis' na proseso, na nangangahulugang mas mabilis na masusuri ito dahil nasa panganib ang iyong kalusugan at/o estabilidad. Maaari ka ring mag-awtorisa ng ibang tao na kumilos sa iyong ngalan, kabilang ang iyong provider sa espesyalidad ng kalusugan sa pag-iisip.

Kung nais mong makatanggap ng tulong, tumawag sa 1-800-779-0787.

Paano Kung Kailangan Ko ng Tulong sa Paglutas ng Problema sa ACBH, Ngunit Hindi Ko Nais Maghain ng Karaingan o Apela?

Maaari kang makatanggap ng tulong mula sa estado kung nahihirapan kang hanapin ang mga tamang tao sa county na makatutulong sa iyo na sundan ang sistema ng county. Maaari kang makipag-ugnayan sa Department of Health Care Services, Office of the Ombudsman, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. (maliban sa mga pista opisyal), sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono sa (888) 452-8609 o sa email sa MMCDombudsmanOffice@dhcs.ca.gov. Paki-tandaan: Hindi itinuturing na kumpidensyal ang mga mensahe sa e-mail. Hindi ka dapat maglagay ng personal na impormasyon sa mensahe sa email.

Maaari kang makatanggap ng libreng legal na tulong sa iyong lokal na tanggapan ng legal na tulong o ibang mga grupo. Maaari kang magtanong tungkol sa iyong mga karapatan sa pagdinig o libreng legal na tulong mula sa Public Inquiry and Response Unit:

Tumawag nang libre sa: 1-800-952-5253
Para sa TTY, tumawag sa: 1-800-952-8349

ANG PROSESO NG KARAINGAN

Ano Ang Isang Karaingan?

Ang isang karaingan ay isang pagpapahayag ng hindi kasiyahan tungkol sa anumang bagay kaugnay ng iyong mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na hindi nabibilang sa mga problema na saklaw ng mga proseso ng Apela at Patas na Pagdinig ng Estado.

Ang proseso ng karaingan ay:

- Kabilangan ng mga simple at madaling maintindihan na pamamaraan na pahihintulutan kang maipahayag ang iyong karaingan sa pananalita o sa pagsulat.
- Hindi magpapataw ng parusa sa iyo o sa iyong provider sa anumang paraan.
- Pahihintulutan kang mag-awtorisa ng ibang tao na kumilos sa iyong ngalan, kabilang ang provider ng espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip. Kung bibigyan mo ng awtorisasyon ang ibang tao na kumilos sa iyong ngalan, maaaring hilingin sa iyo ng Alameda County Behavioral Health na lumagda ng form na nagbibigay ng awtorisasyon sa Alameda County Behavioral Health na maghayag ng impormasyon sa taong iyon.
- Titiyakin na ang mga indibidwal na gumagawa ng mga desisyon ay kwalipikadong isagawa ang mga ito at hindi kalahok sa anumang nakaraang mga antas ng pagsusuri o paggawa ng desisyon.
- Kilalanin ang mga tungkulin at responsibilidad mo, ng ACBH at ng iyong provider.
- Magbigay ng resolusyon para sa karaingan sa inaatas na haba ng panahon.

Kailan Ako Makapaghahain ng Karaingan?

Maaari kang maghain ng karaingan sa plano ng county sa anumang oras kung hindi ka nasisiyahan sa mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip na iyong natatanggap mula sa Alameda County Behavioral Health o kung mayroon kang ibang alalahanin hinggil sa Alameda County Behavioral Health.

Paano Ako Makapaghahain ng Karaingan?

Maaari kang tumawag sa libreng numero ng telepono ng ACBH (1-800-779-0787) upang makakuha ng tulong sa karaingan. Ang libreng numero ng telepono ay mahahanap sa harap ng handbook na ito. Magbibigay ang Alameda County Behavioral Health ng mga sobre na may address sa lahat ng mga lugar ng provider para makapagpadala ka ng iyong karaingan sa pamamagitan ng koreo. Kung wala kang sobre na may address, maaari mong ipadala nang direkta ang iyong karaingan sa address na nasa harap ng handbook na ito. Maaaring ihain ang mga karaingan nang pasalita o sa pagsulat. Ang mga karaingan na pasalita ay hindi na kinakailangang sundan ng pagsulat.

Paano Ko Malalaman Kung Natanggap ng Alameda County Behavioral Health ang Aking Karaingan?

Ipapaalam sa iyo ng ACBH kung natanggap na nito ang iyong karaingan sa pamamagitan ng pagpapadala ng nakasulat na kumpirmasyon.

Kailan Mapagdedesisyunan ang Aking Karaingan?

Dapat gumawa ng desisyon ang Alameda County Behavioral Health tungkol sa iyong karaingan sa loob ng 90 araw ng kalendaryo mula sa petsa kung kailan mo inihain ang iyong karaingan. Ang haba ng panahon para sa paggawa ng desisyon ay maaaring pahabain hanggang sa 14 araw sa kalendaryo kung humiling ka para sa pagpapahaba, o kung naniniwala ang Alameda County Behavioral Health na may pangangailangan para sa karagdagang impormasyon at na ang pagpapaliban ay para iyong benepisyo. Ang isang halimbawa kung kailan ang pagpapaliban ay maaaring maging benepisyo para sa iyo ay kapag naniniwala ang Alameda County Behavioral Health na malulutas nito ang iyong karaingan kung may mas marami itong oras upang makakuha ng impormasyon mula sa iyo o sa mga kalahok na tao.

Paano Ko Malalaman Kung Nakapagdesisyon na ang Alameda County Behavioral Health Tungkol sa Aking Karaingan?

Kapag nakagawa na ng desisyon hinggil sa iyong karaingan, maga-abiso ang Alameda County Behavioral Health sa iyo o sa iyong kinatawan sa pagsulat tungkol sa desisyon. Kung mabigo ang ACBH na abisuhan ka o anumang apektadong partido tungkol sa desisyon sa karaingan sa tamang panahon, bibigyan ka ng Alameda County Behavioral Health ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya ng Benepisyo na magpapayo sa iyo tungkol sa iyong karapatan na humiling ng Pagdinig ng Estado. Magbibigay sa iyo ang ACBH ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya ng Benepisyo sa petsa kung kailan magwawakas ang haba ng panahon.

Mayroon bang Takdang Petsa sa Paghain ng Karaingan?

Wala, maaari kang maghain ng karaingan sa anumang panahon.

ANG PROSESO NG PAG-APELA (KARANIWAN AT PINABILIS)

Responsibilidad ng ACBH na pahintulutan kang humiling para sa pagsusuri ng desisyon na ginawa tungkol sa iyong mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip ng Alameda County Behavioral Health o ng iyong mga provider. Mayroong dalawang paraan sa paghiling ng pagsusuri. Ang isa ay paggamit ng karaniwang proseso ng pag-apela. Ang isa naman ay paggamit ng pinabilis na proseso ng pag-apela. Ang dalawang uri ng apela ay tila magkapareho; gayunpaman, walang partikular na mga kahingian upang maging kwalipikado para sa isang pinabilis na apela. Ipinaliliwanag sa ibaba ang mga partikular na kahingian.

Ano ang Karaniwang Apela?

Ang karaniwang apela ay ang paghiling para sa muling pagsusuri ng iyong problema sa Alameda County Behavioral Health o sa iyong provider na sangkot ang pagtanggap o mga pagbabago sa mga serbisyong sa tingin mo ay iyong kailangan. Kung humiling ka ng karaniwang apela, maaaring magtagal nang hanggang sa 30 araw upang muli itong masuri ng Alameda County Behavioral Health. Kung sa tingin mo ay ang paghihintay ng 30 araw ay maglalagay sa iyong kalusugan sa panganib, dapat kang humiling para sa isang 'pinabilis na apela.'

Ang proseso ng karaniwang apela ay:

- Magpapahintulot sa iyo na maghain ng apela nang pasalita o pasulat. Kung magsusumite ka ng apela nang pasalita, kailangan mo itong sundan ng nakalagdang, nakasulat na apela. Makakakuha ka ng tulong sa pagsulat ng apela. Kung hindi ka magsusunod ng nakalagdang, nakasulat na apela, hindi malulutas ang iyong apela. Gayunpaman, ang petsa ng pagsumite ng pasalitang apela ay ang petsa ng paghain.
- Titiyak na ang paghain ng apela ay hindi magagamit laban sa iyo o sa iyong provider sa anumang paraan.
- Pahihintulutan kang mag-awtorisa ng ibang tao na kumilos sa iyong ngalan, kabilang ang isang provider. Kung bibigyan mo ng awtorisasyon ang ibang tao na kumilos sa iyong ngalan, maaaring hilingin sa iyo ng Alameda County Behavioral Health na lumagda ng form na magbigay awtorisasyon sa BPH na maghayag ng impormasyon sa taong iyon.
- Maipagpapatuloy ang iyong mga benepisyo kapag hiniling para sa isang apela sa loob ng inaatas na haba ng panahon, na 10 araw mula sa petsa ng pagpapadala o personal na pagbibigay sa iyo ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya ng Benepisyo. Hindi mo kailangang magbayad para sa mga ipinagpapatuloy na serbisyo habang nakabinbin ang apela. Kung hindi mo hiniling ang pagpapatuloy ng benepisyo, at kinumpirma ng panghuling desisyon ng apela ang desisyon na bawasan o hindi ipagpapatuloy ang serbisyo na natatanggap mo, maaaring kailangan mong bayaran ang gastos sa mga serbisyong ipinagkaloob habang nakabinbin ang apela.
- Titiyakin na ang mga indibidwal na gumagawa ng mga desisyon ay kwalipikadong isagawa ang mga ito at hindi kalahok sa anumang nakaraang antas ng pagsusuri o paggawa ng desisyon.
- Pahihintulutan ka o ang iyong kinatawan na siyasin ang iyong case file, kasama ang iyong medikal na tala, at ang anumang iba pang dokumento o tala na isinasaalang-alang sa proseso ng pag-apela.
- Pahihintulutan kang magkaroon ng makatwirang pagkakataon upang maglahad ng ebidensya at mga alegasyon ng katotohanan o batas, nang personal, o sa pasulat.
- Pahihintulutan ka, ang iyong kinatawan, o ang legal na kinatawan ng ari-arian ng isang namatay na miyembro na maisama bilang partido sa apela.

- Ipapaalam sa iyo kung ang iyong apela ay sinusuri na sa pamamagitan ng pagpapadala sa iyo ng nakasulat na kumpirmasyon.
- Ipapaalam sa iyo ang iyong karapatan upang humiling ng Pagdinig ng Estado, kasunod ang pagkompleto ng proseso ng pag-apela.

Kailan Ako Makapaghahain ng Apela?

Makapaghahain ka ng apela sa ACBH:

- Kung nagpasya ang Alameda County Behavioral Health o ang isa sa mga kinontratang provider ng county na hindi ka kwalipikado na makatanggap ng anumang Medi-Cal na mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip dahil hindi mo natutugunan ang pamantayan sa medikal na pangangailangan
- Kung sa tingin ng iyong provider ay kailangan mo ng mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip at hihilingin ang pag-apruba ng Alameda County Behavioral Health, ngunit hindi sasang-ayon at tatanggihan ng Alameda County Behavioral Health ang kahilingan ng iyong provider, o babawasan ang uri o kadalasan ng serbisyo
- Kung hiniling ng iyong provider ang pag-apruba ng Alameda County Behavioral Health, ngunit kailangan pa ng higit na impormasyon ng Alameda County Behavioral Health upang gumawa ng pagpapasya at hindi nakompleto ang proseso ng pag-apruba sa tamang oras
- Kung hindi ibinigay ng ACBH ang mga serbisyo batay sa mga timeline na itinakda ng Alameda County Behavioral Health
- Kung sa tingin mo ay hindi naibibigay ng Alameda County Behavioral Health ang mga serbisyo sa sapat na panahon para makatugon sa iyong mga pangangailangan
- Kung hindi nalutas sa oras ang iyong karaingan, apela, o pinabilis na apela
- Kung ikaw at ang iyong provider ay hindi nagkakasundo sa mga kailangan mong serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip

Paano Ako Makapaghahain ng Apela?

Maaari kang tumawag sa libreng numero ng telepono ng ACBH upang makakuha ng tulong sa paghain ng apela. Ang libreng numero ng telepono ay mahahanap sa harap ng handbook na ito. Magbibigay ang Alameda County Behavioral Health ng mga sobre na may address sa lahat ng mga lugar ng provider para makapagpadala ka ng iyong apela sa pamamagitan ng koreo. Kung wala kang sobre na may address, maaari mong ipadala nang direkta ang iyong apela sa address na nasa harap ng handbook na ito. Maaaring ihain ang mga apela nang pasalita o sa pagsulat. Kung magsusumite ka ng apela nang pasalita, kailangan mo itong sundan ng nilagdaang nakasulat na apela.

Paano Ko Malalaman Kung Ang Aking Apela ay Napagdesisyon Na?

Maga-abiso ang Alameda County Behavioral Health sa iyo o sa iyong kinatawan sa pagsulat tungkol sa desisyon para sa iyong apela. Ang abiso ay magkakaroon ng mga sumusunod na impormasyon:

- Ang mga resulta ng proseso sa paglutas ng apela
- Ang petsa kung kailan ginawa ang desisyon para sa apela
- Kung hindi ganap na nalutas ang apela na pabor sa iyo, maglalaman ang abiso ng impormasyon hinggil sa iyong karapatan para sa Pagdinig ng Estado at ang pamamaraan sa paghain para sa Pagdinig ng Estado

Mayroon bang Takdang Petsa sa Paghain ng Apela?

Maaari kang maghain ng apela sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya ng Benepisyo. Tandaan na hindi ka palaging makakatanggap ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya ng Benepisyo. Walang takdang petsa para maghain ng apela kapag hindi ka nakatanggap ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya ng Benepisyo, kaya naman makapaghahain ka sa anumang oras para sa ganitong uri ng apela.

Kailan Magkakaroon ng Desisyon Tungkol sa Aking Apela?

Dapat magdesisyon ang Alameda County Behavioral Health tungkol sa iyong apela sa loob ng 30 araw ng kalendaryo mula sa petsa na natanggap ng Alameda County Behavioral Health ang iyong kahilingan para sa apela. Ang haba ng panahon para sa paggawa ng desisyon ay maaaring pahabain hanggang sa 14 araw sa kalendaryo kung humiling ka para sa pagpapahaba, o kung naniniwala ang Alameda County Behavioral Health na may pangangailangan para sa karagdagang impormasyon at na ang pagpapaliban ay para iyong benepisyo. Ang isang halimbawa kung kailan ang pagpapaliban ay maaaring maging benepisyo para sa iyo ay kapag naniniwala ang Alameda County Behavioral Health na malulutas nito ang iyong apela kung may mas marami itong oras upang makakuha ng impormasyon mula sa iyo o sa iyong provider.

Paano Kung Hindi Ko Kayang Mag-antay ng 30 Araw para sa Desisyon ng Aking Apela?

Ang proseso ng pag-apela ay maaaring maging mas mabilis kung kwalipikado ito para sa proseso ng pinabilis na apela.

Ano ang Pinabilis na Apela?

Ang pinabilis na apela ay ang mas mabilis na paraan ng pagpapasya ng apela. Ang proseso ng pinabilis na apela ay sumusunod sa katulad na proseso ng sa proseso ng karaniwang apela. Gayunpaman,

- Dapat makatugon ang iyong apela sa ilang mga pangangailangan
- Sumusunod din ang proseso ng pinabilis na apela sa ibang takdang petsa kaysa sa karaniwang apela
- Dapat kang gumawa ng pasalitang kahilingan para sa isang pinabilis na apela. Hindi mo na kailangang ilagay sa sulat ang iyong kahilingan para sa pinabilis na apela

Kailan Ako Makakapaghahain ng Pinabilis na Apela?

Kung sa tingin mo ay ang paghihintay ng 30 araw para sa desisyon sa karaniwang apela ay maglalagay sa iyong buhay, kalusugan, o kakayahang matamo, mapanatili o mabawi ang ganap na pagkilos sa panganib, maaari kang humiling para sa isang pinabilis na paglutas ng isang apela. Kung sasang-ayon ang Alameda County Behavioral Health na natutugunan ng iyong apela ang mga kinakailangan para sa pinabilis na apela, lulutasin ng ACBH ang iyong pinabilis na apela sa loob ng 72 oras matapos itong matanggap ng Alameda County Behavioral Health. Ang haba ng panahon para sa paggawa ng desisyon ay maaaring pahabain hanggang sa 14 araw sa kalendaryo kung humiling ka para sa pagpapahaba, o kung naniniwala ang Alameda County Behavioral Health na may pangangailangan para sa karagdagang impormasyon at na ang pagpapaliban ay para iyong benepisyo. Kung papahabain ng ACBH ang haba ng panahon, magbibigay sa iyo ang Alameda County Behavioral Health ng nakasulat na paliwanang kung bakit pinahaba ito.

Kung mapagdesisyunan ng Alameda County Behavioral Health na hindi kwalipikado ang iyong apela para sa isang pinabilis na apela, dapat makatwirang magsumikap ang Alameda County Behavioral Health na magbigay sa iyo ng napapanahon na pasalitang abiso at maipapaalam sa iyo sa sulat sa loob ng dalawang araw ng kalendaryo na nagbibigay ng dahilan para sa desisyon. Susunod ang iyong apela sa karaniwang habang panahon para sa mga apela na una nang naibalangkas sa seksiyon na ito. Kung hindi ka sang-ayon sa desisyon ng Alameda County Behavioral Health na hindi nakatutugon ang iyong apela sa pamantayan ng pinabilis na apela, maaari kang maghain ng karaingan.

Kapag nalutas na ng ACBH ang iyong kahilingan para sa isang pinabilis na apela, ipapaalam ng Alameda County Behavioral Health sa iyo at sa lahat ng mga apektadong partido nang pasalita at sa sulat.

ANG PROSESO NG PAGDINIG NG ESTADO

Ano ang Pagdinig ng Estado?

Ang Pagdinig ng Estado ay isang hiwalay na pagsusuri na isinasagawa ng California Department of Social Services upang matiyak na nakakatanggap ka ng mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip na karapat-dapat mong matanggap sa ilalim ng programa ng Medi-Cal.

Ano ang Mga Karapatan Ko sa Pagdinig ng Estado?

Mayroon kang karapatan na:

- Magkaroon ng pagdinig sa harap ng California Department of Social Services (tinatawag ding Pagdinig ng Estado)
- Masabihan kung paano humiling para sa isang Pagdinig ng Estado
- Masabihan kung ano ang mga panuntunan na namamahala sa representasyon sa Pagdinig ng Estado
- Maipagpatuloy ang iyong mga benepisyo kapag hiniling sa panahon ng pagproseso ng Pagdinig ng Estado kung humiling para sa isang Pagdinig ng Estado sa loob ng mga inaatasang haba ng panahon

Kailan Ako Makakapaghain para sa isang Pagdinig ng Estado?

Makakapaghain ka para sa isang Pagdinig ng Estado:

- Kung naghain ka ng apela at nakatanggap ng sulat na Abiso ng Salungat na Pagpapasya ng Benepisyo na nagpapaalam sa iyo na hindi ibibigay ng ACBH ang mga serbisyo o tinanggihan nito ang iyong kahilingan
- Kung napagpasyahan ng ACBH o ng isa sa mga kinontratang provider ng county na hindi ka kwalipikado na makatanggap ng anumang Medi-Cal na serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip dahil hindi ka nakatutugon sa pamantayan sa medikal na pangangailangan
- Kung sa tingin ng iyong provider ay kailangan mo ng mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip at hihilingin ang pag-apruba ng Alameda County Behavioral Health, ngunit hindi sasang-ayon at tatanggihan ng Alameda County Behavioral Health ang kahilingan ng iyong provider, o babawasan ang uri o kadalasan ng serbisyo
- Kung hiniling ng iyong provider ang pag-apruba ng Alameda County Behavioral Health, ngunit kailangan pa ng higit na impormasyon ng Alameda County Behavioral Health upang gumawa ng pagpapasya at hindi nakompleto ang proseso ng pag-apruba sa tamang oras
- Kung hindi ibinigay ng ACBH ang mga serbisyo batay sa mga timeline na itinakda ng Alameda County Behavioral Health
- Kung sa tingin mo ay hindi naibibigay ng Alameda County Behavioral Health ang mga serbisyo sa sapat na panahon para makatugon sa iyong mga pangangailangan
- Kung hindi nalutas sa oras ang iyong karaingan, apela, o pinabilis na apela
- Kung ikaw at ang iyong provider ay hindi nagkakasundo sa mga kailangan mong serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip

Paano Ako Makakahiling ng Pagdinig ng Estado?

Makakahiling ka ng Pagdinig ng Estado nang direkta mula sa California Department of Social Services sa pamamagitan ng pagsulat sa:

*California Department of Social Services
State Hearings Division
P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37
Sacramento, CA 94244-2430*

Maaari ka ring tumawag sa 1-800-952-5253 o sa 1-800-952-8349 para sa TTY.

Mayroon bang Takdang Petsa sa Paghiling para sa Pagdinig ng Estado?

Mayroon ka lamang 120 araw para humiling para sa isang Pagdinig ng Estado. Magsisimula ang 120 araw sa araw pagkatapos na personal na ibigay sa iyo ng Alameda County Behavioral Health ang abiso ng desisyon sa apela, o sa araw pagkatapos ng petsa ng tatak ng koreo ng abiso ng desisyon sa apela ng county.

Kung hindi ka makatatanggap ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya ng Benepisyo, maaari kang maghain para sa Pagdinig ng Estado sa anumang oras.

Maaari bang Magpatuloy Ang Aking Mga Serbisyo Habang Nag-aantay Ako para sa Desisyon ng Pagdinig ng Estado?

Oo, ngunit maaaring may ilang mga limitasyon. Kung gusto mong patuloy na makatanggap ng mga serbisyo, dapat kang magsumite ng kahilingan sa loob ng 10 araw ng pagtanggap ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya ng Benepisyo.

Kung hiniling mo ang pagpapatuloy ng benepisyo, at kinumpirma ng panghuling desisyon ng apela ang desisyon na bawasan o hindi ipagpatuloy ang serbisyo na iyong natatanggap, maaaring kailangan mong bayaran ang gastos sa mga serbisyong ipinagkaloob habang nakabinbin ang apela.

Ano Ang Dapat Kong Gawin Kung Gusto Kong Ipagpatuloy ang Mga Serbisyo Habang Nag-aantay Ako para sa Desisyon sa Pagdinig ng Estado?

Kung gusto mong patuloy na makatanggap ng mga serbisyo, dapat kang magsumite ng kahilingan sa loob ng 10 araw ng pagtanggap ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya ng Benepisyo.

Kailan Magagawa ang Desisyon Tungkol sa Desisyon ng Aking Pagdinig ng Estado?

Matapos kang humiling para sa Pagdinig ng Estado, maaaring umabot sa 90 araw bago pagpasyahan ang iyong kaso at magpadala sa iyo ng sagot.

Paano Kung Hindi Ko Kayang Mag-antay ng 90 Araw para sa Desisyon ng Aking Pagdinig ng Estado?

Kung sa tingin mo na ang pag-antay nang ganoong katagal ay makakapinsala sa iyong kalusugan, maaaring makatanggap ka ng sagot sa loob ng tatlong araw ng negosyo. Humiling sa iyong doktor o propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip upang magsulat ng liham para sa iyo. Dapat detalyadong ipaliwanag ng liham kung paano ang pag-aantay nang higit sa 90 araw para madesisyunan ang iyong

kaso ay seryosong makakapinsala sa iyong buhay, kalusugan, o ang kakayahang matamo, mapanatili o mabawi ang ganap na pagkilos. Kung sa gayon, tiyaking humiling para sa isang "pinabilis na apela" at magbigay ng liham kasama ang iyong kahilingan para sa isang pandinig.

Susuriin ng Department of Social Services, State Hearings Division ang iyong kahilingan para sa isang pinabilis na Pagdinig ng Estado at magpapasya kung kwalipikado ito. Kung inaprobahan ang kahilingan para sa pinabilis na pagdinig, gaganapin ang pagdinig at ang desisyon ng pagdinig ay ilalabas sa loob ng tatlong araw ng negosyo mula sa petsa na natanggap ng State Hearings Division ang iyong kahilingan.

PAUNANG DIREKTIBA

Ano ang Paunang Direktiba?

Mayroon kang karapatan na magkaroon ng paunang direktiba. Ang paunang direktiba ay nakasulat na tagubilin tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan na kinikilala sa ilalim ng batas ng California. Kabilang dito ang impormasyon na nagsasaad kung paano mo gustong matanggap ang iyong pangangalagang pangkalusugan, o nagsasabi kung anong mga pagpapasya ang gusto mong gawin, kung o kapag hindi mo na kayang magsalita para sa iyong sarili. Minsan ay maaari mong marinig na inilalarawan ang paunang direktiba bilang isang living will o matibay na kapangyarihan ng abogado.

Pinapakahulugan ng batas ng California ang paunang direktiba bilang isang pasalita o nakasulat na pang-indibidwal na tagubilin sa pangangalagang pangkalusugan o isang kapangyarihan ng abogado (isang nakasulat na dokumento na nagbibigay ng pahintulot sa isang tao na gumawa ng mga desisyon para sa iyo). Ang lahat ng mga BHP ay kinakailangang may ipinatupad na mga patakaran sa paunang direktiba. Kinakailangan ng ACBH na magbigay ng nakasulat na impormasyon sa mga patakaran ng Alameda County Behavioral Health sa paunang direktiba at paliwanag ng batas ng estado, kung hiniling ang impormasyong ito. Kung nais mong humiling ng impormasyon, dapat kang tumawag sa libreng numero ng telepono ng ACBH na nakalista sa harap ng handbook para sa higit pang impormasyon.

Idinisenyo ang paunang direktiba upang pahintulutan ang mga tao na magkaroon ng kontrol sa sarili nilang paggamot, lalo na kapag hindi nila kayang magbigay ng mga tagubilin sa sarili nilang pangangalaga. Ito ay isang legal na dokumento na nagpapahintulot sa isang tao na paunang magsabi kung ano ang mga kahilingan nila, kung hindi nila makayang gumawa ng mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan. Maaaring kabilang dito ang mga bagay tulad ng karapatan sa pagtanggap o pagtangi ng medikal na paggamot, operasyon, o gumawa ng iba pang pagpipili sa pangangalagang pangkalusugan. Sa California, binubuo ang paunang direktiba ng dalawang bahagi:

1. Ang pagtatalaga mo ng isang ahente (isang tao) na gagawa ng mga desisyon tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan; at
2. Ang iyong pang-indibidwal na mga tagubilin sa pangangalagang pangkalusugan

Maaari kang kumuha ng form para sa paunang direktiba mula sa iyong plano sa kalusugan ng pag-iisip o online. Sa California, mayroon kang karapatan na magbigay ng mga tagubilin sa lahat ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan. Mayroon ka ring karapatan na baguhin o ikansela ang iyong paunang direktiba sa anumang oras.

Kung mayroon kang tanong tungkol sa batas ng California hinggil sa mga kahingian sa paunang direktiba, maaari kang magpadala ng liham sa:

California Department of Justice
Attn: Public Inquiry Unit,
P. O. Box 944255
Sacramento, CA 94244-2550

MGA KARAPATAN AT RESPONSABILIDAD NG BENEPISYARYO

Ano ang Aking Mga Karapatan bilang Tagatanggap ng Mga Serbisyong Espesyalidad sa Kalusugan ng Pag-iisip?

Bilang indibidwal na kwalipikado para sa Medi-Cal, mayroon kang karapatan na makatanggap ng mga medikal na kinakailangang serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip at mga serbisyo sa sakit sa pagkalulong sa alak o droga mula sa Alameda County Behavioral Health. Kapag kumukuha ng mga serbisyong ito, mayroon kang karapatan na:

- Magpagamot nang may personal na respeto at respeto para sa iyong dignidad at privacy
- Makatanggap ng impormasyon sa mga available na pagpipilian sa paggamot at maipaliwanag ang mga ito sa iyo sa paraan na mauunawaan mo
- Makibahagi sa mga desisyon hinggil sa iyong pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip, kabilang ang iyong karapatan na tumanggi sa paggamot
- Maging malaya sa anumang uri ng [paggamit ng pagpipilian](#) o pagbubukod na ginagamit bilang pamimilit, disiplina, kaluwagan, parusa, o pagganti dahil sa pagtatali (restraint) at pagbubukod
- Humiling para sa at kumuha ng kopya ng iyong mga medikal na tala, at humiling na mabago o maiwasto ang mga ito, kung kinakailangan
- Makakuha ng impormasyon tungkol sa handbook na ito tungkol sa mga saklaw na serbisyo ng Alameda County Behavioral Health, sa ibang mga obligasyon ng Alameda County Behavioral Health, at ang iyong mga karapatan na inilarawan dito. Mayroon ka ring karapatan na matanggap ang impormasyong ito at ang ibang impormasyong ibinigay sa iyo ng Alameda County Behavioral Health sa anyo na madaling maunawaan. Nangangahulugan ito, halimbawa, na dapat gawing available ng Alameda County Behavioral Health ang nakasulat nitong impormasyon sa mga wika na ginagamit nang hindi baba sa limang porsiyento o 3,000 ng mga benepisyaryo ng BHP, alinman ang mas kaunti, at gawing available ang mga pasalita na serbisyo ng interpreter nang walang bayad para sa mga taong gumagamit ng ibang wika. Nangangahulugan rin ito na dapat magbigay ang Alameda County Behavioral Health ng iba't ibang materyales para sa mga taong may mga espesyal na pangangailangan, tulad ng mga taong bulag o may limitadong paningin, o taong nahihirapang magbasa
- Makatanggap ng mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip at mga serbisyo sa sakit sa pagkalulong sa alak o droga mula sa isang BHP na sumusunod sa kontrata nito sa estado para sa availability ng mga serbisyo, mga garantiya ng sapat na kapasidad at serbisyo, koordinasyon at pagpapatuloy ng pangangalaga, at saklaw at awtorisasyon ng mga serbisyo. Inaatasan ang Alameda County Behavioral Health na:
 - Mag-employo o magkaroon ng mga nakasulat na kontrata sa sapat na bilang ng mga provider upang matiyak na ang lahat ng kwalipikadong benepisyaryo ng Medi-Cal na kwalipikado para sa mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip ay makakatanggap ng mga ito sa napapanahong paraan
 - Saklawan ang mga medikal na kinakailangang serbisyo sa labas ng network para sa iyo sa napapanahong paraan, kung walang empleyado o kinontratang provider ang Alameda County Behavioral Health na makapaghahatid ng mga serbisyo. Ang 'provider na wala sa network' ay nangangahulugang provider na wala sa listahan ng provider ng Alameda County Behavioral Health. Dapat tiyakin ng Alameda County Behavioral Health na hindi ka magbabayad nang labis dahil sa pagpapatingin sa provider na wala sa network

- Tiyakin na ang mga provider ay sinanay na maghatid ng mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip na sinangayunan ng mga provider na saklawan

- Tiyaikin na ang mga sinasaklawang serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip ng Alameda County Behavioral Health ay sapat sa halaga, haba ng panahon, at saklaw upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga kwalipikadong nakatala sa Medi-Cal. Kabilang dito ang pagtitiyak na ang sistema ng Alameda County Behavioral Health sa pag-apruba ng pagbabayad sa mga serbisyo ay nakabatay sa medikal na pangangailangan at pagtitiyak na patas na ginagamit ang pamantayan sa medikal na pangangailangan
- Tiyaikin na ang mga provider nito ay nagsasagawa ng sapat na mga pagtatasa ng mga tao na nakakatanggap ng mga serbisyo at nakikipagtulungan sila sa mga tao na nakakatanggap ng mga serbisyo upang bumuo ng plano sa paggamot na kinabibilangan ng mga layunin para sa paggamot at mga ibinibigay na serbisyo
- Magbigay ng ikalawang opinyon mula sa isang kwalipikadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan sa loob ng network ng Alameda County Behavioral Health, o isang propesyonal sa labas ng network, nang walang karagdagang gastos sa iyo kung hilingin mo ito
- Ikoordina ang mga serbisyong ibinibigay nito kasabay ng mga serbisyong ibinibigay sa iyo sa pamamagitan ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal managed care, kung kinakailangan, at tiyaikin na ang iyong privacy ay protektado gaya ng tinukoy sa mga pederal na panuntunan ng privacy ng impormasyong pangkalusugan
- Magbigay ng napapanahong access sa pangangalaga, kabilang ang gawing available ang mga serbisyo 24 oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo, kapag medikal na kinakailangan ang paggamot ng isang pang-emergency na psychiatric na kondisyon o isang agaran o kritikal na kondisyon
- Makilahok sa mga pagsusumikap ng estado na hikayatin ang paghahatid ng mga serbisyo sa paraang nababagay sa kultura ng lahat ng mga tao, kabilang ang mga taong may limitadong kasanayan sa Ingles at may iba't ibang kultural at etnikong pinagmulan
- Dapat tiyaikin ng ACBH na hindi mababago ang iyong paggamot sa mapinsalang paraan bilang resulta ng pagpapahayag mo ng iyong mga karapatan. Inaatasan ang ACBH na sumunod sa ibang naaangkop na batas pederal at pang-estado (tulad ng: Titulo VI ng Civil Rights Act ng 1964 gaya ng mga ipinatupad na regulasyon ng 45 CF bahagi 80; ang Age Discrimination Act ng 1975 tulad ng ipinatupad ng mga regulasyon sa 45 CFR bahagi 91; ang Rehabilitation Act ng 1973; Titulo IX ng Education Amendments ng 1972 (hinggil sa mga edukasyonal na programa at aktibidad); Mga Titulo II at III ng Americans with Disabilities Act); seksiyon 1557 ng Patient Protection and Affordable Care Act; pati na rin ang mga karapatang inilarawan dito
- Maaaring mayroon kang mga karagdagang karapatan sa ilalim ng mga batas ng estado tungkol sa paggamot sa kalusugan ng pag-iisip. Kung nais mong makipag-ugnayan sa Patients' Rights Advocate ng iyong county, magagawa mo ito tungo sa: *Patient Rights Advocates* (510) 835-2505

Ano ang Aking Mga Responsibilidad bilang Tagatanggap ng Mga Serbisyong Espesyalidad sa Kalusugan ng Pag-iisip?

Bilang tagatanggap ng mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip, responsibilidad mo na:

- Basahin nang mabuti ang handbook ng nakatala at iba pang mga mahahalagang impormasyonal na materyales na natanggap mo mula sa Alameda County Behavioral Health. Makakatulong ang mga materyales na ito upang maunawaan mo ang mga serbisyong available sa iyo at kung paano makatanggap ng paggamot kung kinakailangan mo ito

- Dumalo sa iyong paggamot ayon sa iskedyul. Makakamit mo ang pinakamainam na resulta kung susunod ka sa iyong plano sa paggamot. Kung may nakaligtaan kang appointment, tumawag sa iyong provider nang hindi bababa sa 24 oras bago ito, at muling magpa-iskedyul para sa ibang araw at oras
- Laging dalhin ang iyong Benefits Identification Card (BIC) ng Medi-Cal at isang photo ID kapag dumadalo ng paggamot
- Ipaalam sa iyong provider kung kailangan mo ng oral interpreter bago ang iyong appointment
- Sabihin sa iyong provider ang lahat ng iyong medikal na alalahanin upang maging wasto ang iyong plano sa paggamot. Kung lalong mas kompleto ang impormasyong ibinahagi mo tungkol sa iyong mga pangangailangan, mas lalong magiging matagumpay ang iyong paggamot
- Tiyaking itanong sa iyong provider ang anumang katanungang mayroon ka. Napakahalaga na ganap mong maunawaan ang iyong plano sa paggamot at anumang iba pang impormasyon na matatanggap mo habang nagpapagamot
- Sumunod sa plano sa paggamot na pinagkasunduan mo ng iyong provider.
- Maging bukas sa pagkakaroon ng matibay na pakikipagtulungan sa provider na gumagamot sa iyo
- Makipag-ugnayan sa Alameda County Behavioral Health kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa iyong mga serbisyo o kung mayroon kang anumang problema sa iyong provider na hindi mo kayang malutas
- Ipaalam sa iyong provider at sa Alameda County Behavioral Health kung mayroong anumang pagbabago sa iyong personal na impormasyon. Kasama na rito ang iyong address, numero ng telepono, at anumang iba pang medikal na impormasyon na maaaring makaapekto sa kakayahan mong makilahok sa paggamot
- Tratuhan nang may respeto at paggalang ang mga kawani na nagbibigay ng iyong paggamot
- Kung may pinagsususpetsahan kang pandaraya o maling paggawi, iulat ito sa:
 - Hinihiling ng Department of Health Care Services sa sinuman na may pinagsususpetsahang pandaraya, pagsasayang, o pag-abuso na tumawagsa DHCS Medi-Cal Fraud Hotline sa **1 (800) 822-6222**. Kung sa tingin mo ay isa itong emergency, mangyaring tumawag sa **911** para sa agarang pangangalaga. Ang pagtawag ay libre at maaaring manatiling anonimo ang tumatawag; maaari ka ring mag-ulat ng pinagsususpetsahang pandaraya o pag-abuso sa pamamagitan ng email sa fraud@dhcs.ca.gov o gamitin ang online na form sa <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/StopMedi-CalFraud.aspx>
 - Maaari ka ring mag-ulat sa Services Compliance Officer ng Alameda County Health Care sa 1-844-729-7055 o mag-email sa: ProglIntegrity@acgov.org
- Kumuha ng Higit Pang Impormasyon sa Whistle Blower Program ng Alameda County [Dito](#)